Tagalog
62-1111E

Bakit Ako Laban Sa Organisadong Relihiyon?

Why I'm Against Organized Religion

November 11, 1962
Jeffersonville, IN

Ipinangaral ni

William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

Bakit Ako Laban Sa Organisadong Relihiyon?

1 Salamat sa iyo, Brother . . . ? . . . Maaari na kayong magsiupo. Una, naging napakaabala ko ngayong araw na hindi ko nagawa ang ilang pagbisita sa mga maysakit. May mga taong nakatakda kong ipanalangin nang sarilinan na dapat sana'y katatagpuin ko. Ngunit ngayon, i—ilan sa mga—isa sa mga ito, sa paniwawla ko ayon kay Billy ay taga Canada, mula sa dalawa o tatlong magkakaibang lugar. Ngayon, nagsisiparito sila, alam n'yo, at sa tuwina ay namamalagi sa mga hotel at motel. At kinatatagpo ko sila, nakikipagkita ako sa kanila at ipinananalangin ko sila na mula pa sa lahat ng dako ng buong mundo, at sa Asia, Europa, at sa lahat ng iba pa. Sa araw-araw na naririto kami, nagdadatingan ang mga tao. Mahigit sa anim na raan ang nasa listahan, naghihintay para sa sarilinang pakikipanayam, kaya't medyo mahirap ito. Ngunit ang mga taong malala ang sakit at mga kinakailangan maipanalangin kaagad, aba'y, sinisikap ko silang katagpuin.

2 At, buweno, dahil nakasama ako roon ng trustee board, sa isang pagdinig kasama ng aking trustee board dito sa iglesia, kinailangan naming magpulong kani-kanina lamang. At sa panahong iyon nahuli ako nang isa't kalahating oras sa aking iskedyul, at may mga taong nakatakdang maparito sa oras na iyon upang maipanalangin. Kung sila ay naririto, nais ko silang ipanalangin sa oras na ito. Kaya't kung mamarapatin nila, ang mga taong dapat na maipanalangin, buweno, kung maaaring lumapit lamang sila ngayon habang ang pianista, maging sino man iyon, ay lumalapit upang tipahan tayo ng "The Great Physician Now Is Near, The Sympathizing Jesus." Ngayon, ang mga ipapanalangin kung mamarapatin nila, kung ilan silang pumarito hindi ko nalalaman. At kayo ang mga kapatid na iyon, sa pakiwari ko.

Mga kapatid, marami na rin akong binata sa aking sariling katawan. Si Jesus ay nagbata sa Kaniyang katawan, nagdusa, upang maging tama Siyang uri ng Tagapamagitan, sapagkat Siya bilang Diyos ay nagkatawang tao upang makapagbata, magawa niyang maramdaman ang mga kirot ng karamdaman. At kaya Siya dumating upang bayaran ang ating kasalanan. At sa ganito ay inutusan Niya ang Kaniyang iglesiang ipagpatuloy ang Kaniyang gawa.

3 At mataas ang respeto ko sa propesyon ng medisina, sa surgery at iba pa, na sa pamamagitan ng mga talentong ibinigay sa kanila ng Diyos upang makagawa ng mga bagay-bagay sa katawan, upang mag-opera at magbunot ng ngiping nabulok, at iba pa. Pinahahalagahan ko iyon. Ngunit dumarating ang sandaling lampas ito sa kanilang kaalaman; hindi nila alam kung anong dapat

gawin. Kita n'yo? At sa palagay ko, kung gayon, lubos din tayong may karapatan, tulad ng sa natural, kung magpupunta tayo sa duktor ng ating pamilya, marahil isang duktor sa lalawigan, isang butihing duktor na may dala-dalang ilawan at bumabaybay sa kabukiran sa gabi upang hanapin kayo, upang gamutin kayo. At kapag hindi niya nasuri kung ano iyon, magtutungo siya sa isang medyo mas mataas kaysa sa kaniya. Ipadadala niya kayo sa isang espesyalista. At kung hindi rin alam ng espesyalista, nagagalak akong may iba pa tayong Mapupuntahan, ang dakilang Duktor. At hindi Siya nabibigo, ang isang ito ay hindi, sapagkat Siya Mismo ang Manlilikha. At gumawa Siya ng daan para sa atin.

4 Ngayon, kung mayroong anumang kapangyarihan para magpagaling sa aking sarili para gawin iyon, paparoon ako upang gawin iyon. Magagalak akong gawin iyon. Ngunit ang kapangyarihan upang magpagaling, ay wala sa akin; walang iba pang taong may taglay ng kapangyarihang magpagaling. Ngunit tayo ay inutusan (Kita n'yo?) ni Cristo na manalangin para sa maysakit, na Siyang nagdeposito na ng kapangyarihan upang magpagaling. Kita n'yo? At pumaparito lamang tayo, sa gayong kalagayan, upang sumulat ng tseke patungkol do'n. "Anumang hilingin n'yo sa Ama sa Aking Pangalan," iyan ang blankong tseke. "Anumang hilingin n'yo sa Ama sa Aking Pangalan, ay gagawin Ko." Napakagandang pangako, sadyang hindi ito mabibigo. At tinulungan ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae sa buong mundo na magdeposito—o mag-withdraw sa mga pananalaping ito sa Bangko ng Diyos, sa Dugo ni Jesus Cristo. At naging napakamatagumpay nito. Sa tuwina'y nagkakaloob siya, sapagkat naroroon na ang daposito. Nakikita n'yo ba? "Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo." Kita n'yo, tapos na 'yon. At nagagalak tayo ngayong gabi dahil sa inyong pananampalataya.

5 Sa paniwala ko ang sabi sa akin ni Billy, may isang brother na nanggaling pa sa Canada o kung saan. At tama ba iyon? Ikaw ba ang kapatid na taga-Canada? At taga saan ka, brother? Kendallville, Indiana, sa Fort Wayne. Ikinasal ako sa Fort Wayne. Tandang-tanda ko pa. Nagdaos ako ng maraming gawain doon sa Rediger Tabernacle. Sa wari ko'y alam mo kung saan iyon. At naaalala ko, bilang isang bata, naupo ako sa paanan ni Paul Rader sa Rediger Tabernacle, bilang isang batang estudyanteng ministro. Isang dakilang ginoo si Brother Paul, at gayon din si Brother Rediger, tao ng pananampalataya. Ang kanilang kaluluwa ay namamahinga na ngayong gabi. At ngayon, tulad nung ako ay bata pa, sinisikap kong ipagpatuloy ang kanilang iniwan, kung anong iniwan ni Jesus sa Kaniyang iglesia hanggang sa dulo.

'Pagkat minahal Niya ako . . . (Sige na, Pastor . . . ? . . . , pagpalain kayo ng Diyos.)

Nag-alay ng ka . . .

Kung hindi mo naman lalagyan ng sapat, para sa pangontra, hindi naman ito makakatulong sa pasyente. Alam ng duktor n'yo kung papaanong sumulat ng preskripsyon.

267 At si Cristo, ang Espiritu Santo, ang Tagasulat ng Preskripsyon, at Silya ang sumulat Nito. Huwag mong dagdagan o bawasan, tanggapin mo na lang ang Gamot sa kaniyang kalagayan. Ito ang Lunas sa lahat ng mga karamdaman. Pagpalain kayo ng Diyos. Mahat n'yo ba Siya? Amen.

Mahal Siya, ma . . . [Patlang sa tape—Ed.]

'Pgkat minahan Niya ako

Nagbayad ng kaligtasan

Sa Kalbaryo.

268 Ngayon, habang hinihimig natin, bumaling kayo at makipagkamay sa inyong mga katabi. Oh, isa rin siyang manlalakbay, dumaraan lang dito.

Mahal Siya, mahal Siya (. . . ? . . .)

'Pagkat minahal Niya ako

Nag-alay . . . tasan (. . . ? . . . Salamat, brother.)

Mahal Siya, mahal Siya

'Pagkat minahal Niya ako

Nag-alay ng kaligtasan

Sa Kalbaryo.

Mahal Siya, (Awitin nating ngayon.), mahal Siya

'Pagkat minahal Niya ako

Nag-alay ng kaligtasan

Sa Kalbaryo.

269 Ngayon, magsiyuko tayo, pumikit tayo, itaas natin ang ating mga kamay at ang ating mga tinig sa Diyos, habang ipinagkakatiwala ko kayo sa inyong pastor. Nagagalak kaming makasama kayo rito. Hindi kami denominasyon. Wala kaming batas kundi ang pag-ibig, walang kredo kundi si Cristo, walang aklat kundi ang Biblia: walang membership; kundi fellowship lamang sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo na naglilinis ng ating mga di pananampalataya.

Sige, tayong lahat.

Mahal Siya, ma . . . (Pagpalain kayo ng Diyos. Bumalik kayo at bisitahin n'yo kaming muli.)

6 Ngayon, sa pamamagitan ng buong pananampalatayang taglay ko, ako'y mananalangin para sa inyo. At hindi ako lumalapit nang nagbabaka-sakali lamang. Hindi natin nais kailan man lumapit sa ganu'ng paraan. Hindi, hindi iyon tama. Lumalapit tayo na sumasampalatayang matatanggap natin kung anong hiningi natin (Kita n'yo?), dahil nalalaman nating ipinangako iyon ng Diyos. At lumalapit tayo na may katiyakan sa ating puso na si Cristo ang nangako, at kayo mga kapatid ko ay nagsumikap na maglapag ng inyong pananampalataya sa altar, ginawa n'yo kung anong nkayanan n'yo, lumalapit ako upang ilapag na kasama n'yo ang aking pananampalataya ngayong gabi. Kita n'yo?

At ngayon, may malaki tayong altar na sumasakop sa kalawakan ng kalangitan, at sa altar na iyon ay nakalapag ang ating Hain, ang Anak ng Diyos. Kita n'yo? Iyon ang nagdurugong Hain. Hindi maaaring tumingin do'n ang Diyos ng hindi Iyon ginagalang (Kita n'yo?), sapagkat Iyon ang Kaniyang Salita, "Ito ang sinisinta Kong Anak; pakinggan n'yo Siya."

8 Hihilingin ko kay Brother Neville, na ating elder, kung mamarapatin niyang lumapit upang samahan ako sa pagparoon. Nais kong ang buong iglesia ay . . . Ano kaya kung ito ay iyong kapatid na lalaki, iyong asawang lalaki, iyong anak na lalaki, iyong ama? Gayon nga siya sa kung kanino, alalahanin n'yo. Tayo nga, kalakip ng buo nating kataimtiman, ay lumapit sa Diyos ngayon para sa mga kapatid nating ito. Magsiyuko tayo.

Mabiyayang makalangit na Ama, dinadala naming sa Iyong Presensya ngayon, sa pamamagitan ng dambana ng biyaya, bagama't nakatayo kami sa tabi ng isang upuang kahoy, tulad ng naririto, dito sa lupa, ngunit ang pananampalatay namin ay pumaitaas na sa dakilang nag-aapoy na altar, kung saan si Jesus, ang mabangong Manliligtas na nasa harapan ng Diyos, ang Dugong inihain mula sa Kalbarlyo, na nagtagumpay sa bawat karamdaman, bawat sakit, kamatayan, hades, at libingan, at nagbangong muli, at umakyat sa langit upang umupo sa kanan ng Kaniyang Karangalan . . . At kami sa pamamagitan ng pananampalataya ay lumalapit, umaakyat doon sa biyaya ng Diyos upang sabihin sa ibabaw ng altar na ito sa dakilang Manlilikha ng langit at lupa, "Tanggapin Mo po kami, Panginoon, sa aming paglapit sa Ngalan ng Panginoong Jesus."

10 Narito ang aming mga kapatid, ang isa sa kanila ay galing sa unahan pa ng Fort Wayne, dito sa States, at ang isa ay nanggaling pa sa Canada papunta rito, naparito siya para sa napakataimtim na sandaling ito. Buhay o kmatayan ito, Panginoon.

11 Narito ang dalawang lalaki, mga bata pa, maraming paglilingkod pa ang natitira sa kanila para sa Iyo, Panginoon, dalawang sundalo, mga Cristianong

sumasampalataya sa Iyo. Ang kaaway ay pumukol ng suligi, at ang lasong suliging iyon ay tumama sa kanilang katawan, at nagsibalik sila, umatras patungo sa pagamutan ng biyaya ng Diyos sa pakikipagkasundo, para sa kagalingan, upang makalapit silang muli sa unahan ng labanan nang nakataas ang panangga, at lumulusob sa labanan. Naparito sila upang makianib sa amin sa puwersa ng panalangin, Panginoon. At hinaharap namin ang kaaway.

12 Sa Ngalan ni Jesus Cristo, pawalan mo sila. Iniuutos namin sa iyo sa Ngalan ni Jesus Cristo, na palayain mo sila. Mga mandirigma sila ng labanan. At bilang lingkod mo, lumalapit ako ngayon upang patungan sila ng kamay, kalakip ang pananampalataya, naniniwalang ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga sumasampalataya, ayon sa aming Panginoon, ang aming dakilang Punong Kapitan sa pakikipagbaka. "Kapag pinatungan nila ng kamay ang maysakit, magsisigaling sila."

13 Ito ang aking ginagawa sa Ngalan ni Jesus Cristo. Pawalan nawa siya ng kapangyarihan ng karamdamang ito na gumagapos sa katawan ng kapatid na ito, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Mangyari nawang . . . ? . . .

14 Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Manlilikha ng langit at lupa, May-akda ng Walang Hanggang Buhay, at Tagapagbigay ng bawat mabuting kaloob, ihatid Mo po ang Iyong pagpapala sa mga binasbasan naming ito. At nakasulat sa mga Kasulatan na, "Kung sasabihin mo sa bundok na ito na 'Makilos ka,' at hindi ka mag-aalinlangan sa iyong puso, kundi sasampalatayang kung anong sinabi mo ay matutupad, matatanggap mo ang iyong sinabi." Naniniwala akong ang karamdaman ay umalis na sa kanilang katawan. Ngayon, nabigkas na ito. Ngayon, hayaang maganap ito. Amen.

15 Sa Ngalan ng Pangnoong Jesus sumasampalataya ako . . . ? . . . Sa Ngalang ni Jesus Cristo sumasampalataya akong lumaya ka na. Amen. Gayon din ba ang paniwala ng iglesia? Kung gayon ay hayaan nating maganap ito.

16 Ngayon, mayroon pa kayang ibang naririto na nais na maalala sa panalangin, na magtataas ng kamay. Sige, lumapit tayo sa Kaniya ngayon habang ipinapatong ninyo ang inyong mga kamay sa isa't-isa. "Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga nananampalataya."

17 Kabanal-banalang Diyos, sa pamamagita ng pananampalataya ay nakikita naming si Jesus; naniniwala kaming nakatayo Siya ngayon dito. Binabantayan Niya ang Kaniyang Salita. At sinabi Niya, "Saan man nagkakatipo ang dalawa o higit pa sa Aking Pangalan, Ako ay nasa kanilang kalagitnaan." Ngayon, makalangit naming Ama, hayaan Mo pong ang kapangyarihan ng Diyos na Makapagnyarihan sa lahat ay humipo sa mga taong ito, Panginoon, habang magkakakapit-kamay sila, nagpapatungan ng kamay. Ang huling utos na

bahagi ng baybaying-dagat ng Efeso, at makarating siya sa iglesiang ito, may labindalawang kalalakihan naroroon. Tama. At lahat sila ay mabubuting tao, sumigaw at nagalak na lubos, ngunit hindi pa nakatanggap ng Espiritu Santo. Ang sabi ni Pablo, "Hindi n'yo pa ba natatanggap ang Espiritu Santo mula ng maniwala kayo?"

261 Ang sabi nila, "Aba, hindi namin alam na mayroon pa lang Espiritu Santo."

Ang sabi niya, "Kung gayon ay papaano kayo nabautismuhan?" Kung wala namang kaibahan iyon, ano bang sinabi niya sa iglesiang iyon?

262 Ang sabi nila, "Nabautismuhan na kami ng isa sa mga pinakadakilang lalaki na tumayo sa ibabaw ng lupa, si Juan Bautista, na nagbaustismo sa ating Panginoon. Hindi pa ba sapat ang bautismong iyon?"

263 Anga sabi niya, "Hindi po. Kinakailangan mabautismuhan kayong muli, 'pagkat ang Kaharian ay selyado sa alin mang iba pa." At nang marinig nila ito . . . Ang sabi niya, "Si Juan ay nagbautismo lamang sa pagsisisi, hindi para sa ikapapatawad ng kasalanan, sinasabing dapat silang sumampalataya sa Kaniya paparating, kay Jesus." At nang marinig nila ito, sila ay nagpabautismong muli sa Ngalan ni Jesus Cristo. Tama, ganun nga. Sumunod sila sa Kasulatan.

264 Alam n'yo, sa pag-aalaly kaninang umaga, sumunod si Moises sa padron na nakita niya sa langit at nagtayo siya ng tolda upang kumatawan dito. Nang itayo ni Solomon ang templo, kaniyang (Anong ginawa niya?) sinunod ang padron na ginamit ni Moises sa tolda, upang manatiling magkakaugnay ang Kasulatan.

265 At nang dumating ang Diyos sa Kaniyang Templo para sa huling mga araw, sa Templong ito, ang Espiritu Santo, "isang katawan ang Iyong inihanda para sa Akin," ang Espiritu Santo ay bumuhos sa araw ng Pentecostes, ang mensahe ay, "Magsisi kayo at magpabauismo sa Ngalan ni Jesus Cristo sa ikapapatawad ng kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo, sapagkat ang pangako ay para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, maging gaano man karami ang tawagin ng Panginoon nating Diyos." Kung nais n'yong tawaging duktor ang inyong ministro, si Duktor Simon Pedro ay sumulat ng preskripsyon, isang eternal na preskripsyon. Iyan ang nagpapagaling sa may sakit . . . ? . . .

266 Hayaan n'yo ang mga albolaryong ito, na sumusubok na punuan ito sa ibang paraan, iyan ang dahilan kaya mayroon silang . . . Alam n'yo, kung hindi ka magdadagdag ng—pag napadami ang dagdag mo sa preskripsyon, maaari mong—napadami ang lason, maaarin mong mapatay ang pasyente.

ang nagawa mo, gaano ka man sumigaw, gaano man karaming iglesia ang sinalihan mo, gaano man karaming balahibo ang itinusok mo sa iyong sarili, hindi iyon ‘yon. Maghintay ka hanggang sa tunay mong masabi sa iyong puso na kaya mo nang magpatawad, hanggang sa iyong puso ay mayroon ka nang kagandahang loob sa iyong kapatid. Kahit pa hablutan ka ng isang dakot na balbas sa isang pisngi mo, magagawa mo pa ring iharap ang kabila na may kagiliwang (Kita n’yo?), hanggang ang mga katangiang iyon, anuman ang sabihin nila sa iyo . . .

255 Nang takpan nila ng basahan ang Kaniyang mukha at hampasin Siya sa ulo, ang sabi nila, “Ngayon, sinasabi nila sa aking isa kang propeta.” Ngayon, hinaltak nila ang basahan mula sa Kaniya, at isa sa kanila ang may hawak ng patpat, at ang sabi, “Sino sa amin ang humampas sa Iyo? Hulaan mo at sabihim Mo sa amin, kung magkagayon ay maniniwala kaming isa kang propeta.” Hindi Niya binuksan ang Kaniyang bibig.

256 Kapag nakarinig kayo ng isang propetang limilitaw na taglay ang lahat ng sagot sa lahat ng gimik na maaari n’yong ilabas, hindi siya propeta. Siyanga. Sa araw na ito kailangan nilang malaman ang lahat ng bagay, kung kailan sasakit ang ngipin mo at kung kailang sasakit ang tiyan mo, at lahat na, at sasabihin sa iyo ang tungkol dito. Hindi gano’n ang katangian ng Diyos. Masdan n’yo ang mga propeta; masdan n’yo si Jesus.

257 Tignan n’yo si Pablo, kahit kaya niyang bumulag ng tao, hinayaan niyang palayasin siya ng panday sa bayan, “Sa wari ko’y nawala na ang kapangyarihan niyang bumulag.”

258 Si Jesus, na nakapagpapabangon Siya ng patay, pero hinayaan Niyang duraan Siya ng isang kawal sa mukha, at dumahak at dumura at hinablutan Siya ng balbas sa Kaniyang mukha, at hinampas Siya sa ulo, na may piring, ang sabi nila, “Hulaan Mo at sabihin mo sa amin kung sinong humampas sa Iyo.” . . . At hindi Niya ibinuka ang Kaniyang bibig.

259 Huwag n’yong tignan ang mga manggagawa ng mga pakulong ito. Ngunit alalahanain n’yo, sila’y nangungusap lamang . . . Ang isang pekeng dolyar ay nagsasabi lamang na may tunay diyan sa tabi-tabi. Kapag nakita n’yo ang bagay na ito ng organisasyon na lumalago at sumasagana, tulad ng sabi, “Ang pandaraya ay sasagana sa kaniyang kamay,” alalahanin lang ninyo, may isang munting Iglesia ng Diyos sa tabi-tabi, na talagang puspos ng Espiritu Santo, tunay, at pumapanik sa hagdan. Huwag kayong tumingin sa malaking organisasyon.

260 Alin pa ba ang mas dakilang iglesiang binabanggit sa Biblia kaysa sa kapanahunan ng iglesia ng Efeso? At nang dumaan si Pablo sa mataas na

sinabi Mo sa iglesia, “Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga sumasampalataya. Kapag ipinatong nila ang kanilang kamay sa maysakit, sila ay mag . . .” Magsisigaling sila. Ipinangako Mo ito, at sinasampalatayanan natin ito. Kaya ngayon, nagawa na ito, at pinupuri Ka namin dahil dito, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

18 At sa Ngalan ni Jesus Cristo mapahiran nawa ng kapangyarihan ng Diyos ang mga panyong ito tungo sa mga maysakit at nangangailangan. At habang ang mga ito ay ipinapadala at ipinapatong sa maysakit, mangyari nawang magsigaling sila. Nabasa naming sa Biblia na kumuha sila mula kay San Pablo ng mga panyo at panapi; nilisan ng masasamang espiritu ang mga tao, at ang mga karamdaman ay nagsigaling. At Ama, nalalaman naming hindi kami si San Pablo, ngunit nalalaman naming Ikaw pa rin si Jesus. At idinadalangin naming ipagkaloob Mo ang kahilingang ito para sa Iyong kaluwalhatian. Amen.

19 Hndi ko alam kung umaandar na ang mga tape o hindi pa. Umaandar na ba ang mga ito? Kung hindi pa, nais kong paandarin na nila ang mga iyon sa oras na ito. Sa paniwala ko ay nakataas na ang switch. Ngayon, sana ay hindi ko kayo mapagod sa gabing ito. Nagsisimula ako nang mas maaga ng mga kalahating oras o tatlumpu’t limang minuto. At ngalyon, isa araling pang Sunday school, at naisip kong marahil ay makabubuti kung ite-tape ko kung anong nasa puso ko. At naghahanda na tayong pumasok sa isang bagong yugto, bagong tabernakulo, lahat ay bago.

20 At ngayon, nais kong bumasa ng ilang mga Kasulatan. Kung nais ninyong sumabay sa aking pagbasa, nais kong bumasa sa ika-8 kabanata ng I Samuel, at nais nating magsimula sa ika-4 hanggang sa ika-10 talata, at upang makatipid ng panahon, sa ika-19 hanggang sa ika-20. At may ilang mga pahina ako ng mga nakasulat na Kasulatan at mga reperensya dito, at kung kayo ay may ball pen, at lapis, anuman, papel, at nais ninyo itong balikan o isulat, o kaya’y ite-tape ito ni Mr. Maguire.

21 At nais kong ang tape na ito ay mailaan sa mga ministro, mga kapatid kong lalaki, mga ministrong nagkamali ng pagkaunawa sa akin, lalung-lalo na ang mga kapatid sa mga makadenominasyong simbahan. At halos lahat ay makadenominasyon.

22 At ang paksa ko sa gabing ito ay: “Bakit Ako Laban Sa Organisadong Relihiyon.” At babasa ako ngayon bilang isang background, o isang pagbasa ng Kasulatan upang tunay itong maging Iskriptural; nais kong bumasa sa I Samuel 8:4-10, pagkatapos sa 19-20. Sa aking mga nakikitang tagapakinig, nagtitiwala ako na sa pag-uwi n’yo ay isusulat ninyo ang mga Kasulatang ito at babasahin nang buong ingat. At sa mga kapatid na lalaking makikinig sa

tape, sana ay hindi n'yo basta na lang ihihinto ang tape kapag may nasabing marahil ay hindi ninyo masang-ayunan, kundi magsasaliksik kayo sa Diyos tungkol dito, titignan n'yo kung ito ba ay ayon sa Kasulatan. Sa palagay ko'y dapat lang nating gawin iyon para sa ating sarili at sa Mensahe ng araw na ito.

23 Naniniwala akong lahat ng mga iglesia ay may mga Cristiano sa kalipunan ng mga ito, at tunay ngang hindi ako nangungusap laban sa mga Cristiano. Ngunit kaya ko nagawa ang aking mga ginawa, at nasabi ang aking mga sinabi, ay dahil sa inspirasyon ng Espiritu Santo sa Salita.

24 Ngayon, bumasa muna tayo sa ika-8 kabanata ng I Samuel, simula sa ika-4 na talata, hanggang sa ika-10.

Nang magkagayo'y nagpipisan ang mga matanda ng Israel, at naparoon kay Samuel sa Ramatha;

At kanilang sinabi sa kaniya, Narito, ikaw ay matanda na, at ang iyong mga anak ay hindi lumalakad sa iyong mga daan: ngayon nga'y lagyan mo kami ng isang hari upang humatol sa amin gaya ng lahat ng mga bansa.

Ngunit hindi minabuti ni Samuel, nang kanilang sabihin, Bigyan mo kami ng isang hari upang humatol sa amin. At si Samuel ay nanalangin sa Panginoon.

At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Dinggin mo ang tinig ng bayan sa lahat ng kanilang sinasabi sa iyo; sapagka't hindi ikaw ang kanilang itinakuwil, kundi itinakuwil nila ako, upang huwag akong maghari sa kanila.

Ayon sa lahat na gawa na kanilang ginawa mula nang araw na iahon ko sila mula sa Egipto hanggang sa araw na ito, sa kanilang pagiiwan sa akin, at paglilingkod sa ibang mga dios ay gayon ang ginagawa nila sa iyo.

Ngayon nga'y dinggin mo ang kanilang tinig: gayon ma'y tatanggi kang mainam sa kanila, at ipakilala mo sa kanila ang paraan ng hari na maghahari sa kanila.

At isinaysay ni Samuel ang buong salita ng Panginoon sa bayan na humihingi sa kaniya ng isang hari.

25 Ngayon, ang ika-19 talata at ika-20 para sa konklusyon . . .

Ngunit tinanggihang dinggin ng bayan ang tinig ni Samuel; at kanilang sinabi, Hindi; kundi magkakaroon kami ng hari sa amin;

Upang kami naman ay maging gaya ng lahat ng mga bansa, at upang hatulan kami ng aming hari, at lumabas sa unahan naming, at ipakipaglaban ang aming pakikipagbak.

252 Magtatanong ako. Ilan ba sa gabing ito sa nakikitang mga tagapakinig na ito ng maganda at malaking simbahan ito ng mga tao, o bahay ng mga tao, sa dakong ito ng pananambahan, ang sumasampalataya nang buong puso n'yo, ang buhay n'yo'y nakaaabot sa kahilingan ng Diyos at Biblia, at naniniwala kang sa pagtingin mo sa iyong sariling buhay, at sa pagkakita kung papaanong kumikilos ang Espiritu sa inyo, na sinasampalatayanan Nito ang bawat Salita ayon sa pagkakasulat Dito at Ito ay tutuparin? Sinasampalatayanan n'yo ba Ito? Pagpalain kayo ng Diyos. Panatilihin nawa Niya palagi ang Kaniyang Espiritu na nakalukob sa inyo.

At sa kaibigan ko sa tape, sana ay nakatingin kayo sa dito sa mga tagapakinig ngayong gabi, sa wari ko pinakamaliit na ang nobenta porsyento ng mga tao ang nagtaas ng kanilang kamay, na sila ay sumampalataya at nagmasid sa Biblia, hindi kung anong sinasabi ng iglesia, kundi kung anong sinasabi ng Biblia, hindi ang sinasabi ng lodge, kundi kung anong sinasabi ng Biblia, at nakikita nilang sinasalamin Nito ang Buhay ni Cristo.

253 Alam n'yo, nung araw bago pa magkaroon ng mga tagatunaw ng bakal, ang—ang panday nung una ay minamartilyo ang ginto. Marahil ay narinig n'yo na ang tungkol ditto. Bago ito dumating sa tagatunaw, pinupukpok nila ito. At ang ginto ang pinkamabigat na materyales; mas mabigat pa ito sa tingga. At nanginto rin ako nang kaunti, at maaari mong madala ang mga buhangin sa hugasan sa disyerto, at ikiskis ang mga kamay mo sa buhangin, at pagkatapos (whoosh) hipam mo ito nang ganyan, at ang mga alikabok at lahat na ay magliliparan, ang mga bato, ngunit napakabigat ng ginto na mananatili ito roon. At kapag dinampot mo ang ginto, gumulong ito sa napakaraming dumi hanggang sa dumumi na ito nang husto. At sa mga panahon ng mga bulkan ito ay naipon, nakakuha ito ng basura at lahat na, iron pyrite at iba pang mga materiyales na nailahok dito. Dati-rati ay kinukuha ng tagapalo ang isang kimpal ng ginto at papaluin at babaligtarin nang paulit-ulit hanggang sa maihiwalay niya ang lahat ng dumi na nakakabit dito. At alam n'yo kung papaano n'ya ito nalalaman na naalis na niya lahat ng dumi? Nakikita na niya ang sarili niyang larawan na nasasalamin dito.

254 At gayon din ang ginagawa ng Diyos sa Iglesia. Binabayo Niya ang bawat kredo, bawat denominasyon, bawat dogma, hanggang makita na Niya ang Sarili Niyang Buhay na naiasasalamin sa inyo. "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag n'yo Akong paniwalaan." Kita n'yo? Kung ano ang nilayon sa Iglesia, ang Buhay na nakay Cristo ay hindi naisasalamin sa iyo, huwag kang matahimik kung wala kang pagtitiis, kapangyarihan, lahat ng mga bagay na ito, at pagtitimpi, at—at iba pa, at kabanalan, kagandahang loob sa kapatid, at lahat ng mga bagay na ito na hinihiling sa inyo. Anuman

Hanggan, sila'y naisisilang mula sa itaas, at ang mga gawang galing sa Diyos ay naipamamalas, sapagkat iisang Buhay ito na nasa Kaniya rin noon. Hindi Ito maaaring gumawa ng iba pang bagay.

248 Kaya, Ama, huwag Mong hayaang isandig ng iglesiang ito ang kanilang eternal na hantungan sa isang sensasyon, sa isang organisasyon, sa anumang mas mababa sa paninirahan ni Cristo Mismo sa kanila, pinatutunayan ang Kaniyang Salita sa pamamagitan nila pati na ang Kaniyang pangako. Nawa, mula sa poinakamaliit na batang naririto ngayong gabi, hanggang sa pinakamatanda, ay makatanggap sa karanasang ito. At nawa bawat lalaki o babae, batang lalaki at batang babae, na nakaririnig ng tape na ito ay magkagayon din, Panginoon, at bigyan Mo po sila ng kaunawaang sinisikap ko lamang na magbabala at manawagan, sapagkat ang oras na ito ay huli na kaysa sa aming iniisip.

249 At nakikita namin ang Babilonya, ang inang patutot, at lahat ng iba pang anak na babaeng bayaran na nagtitipon-tipon. Diyos, napagtatanto naming na ang Kasulatan ay nagsasabing ang mga panirang damong mula sa bukid ng trigo ay pagbubungkus-bungkusin muna. At nagbuklod na sila sa mga bungkos, binabansagan ang kanilang sarili ng mga mapamusong pangalan na hindi naman talaga nauukol sa kanila; hindi rin naman ito ukol sa Iglesia; mga lodge ito, hindi mga simbahan. Iisa lamang

Sila, Ama, at iyon ang isang pinag-alayan mo ng iyong kamatayan.

250 At idinadalangin ko, Ama, habang nakikita na namin silang pinagbubungkus-bungkos para sa isang nalalapit nang apoy atomika, dalangin ko, Panginoon, na itulot Mo pong maging puno at mabigat ang trigo. Itulot Mo po ito, Panginoon. Lumago nawa kami at magsilay ng Liwanag, at maging tulad ni Jesus, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga bagay na hiniling sa Akin ng Diyos, kung gayon ay wala akong Buhay sa Aking Sarili. Ngunit kapag ang Diyos ay nangusap at nagpamalas ng Kaniyang Buhay, kung magkagayo'y iyan ay nangungusap na para sa Sarili Nito." Ituot Mo poi to, Panginoon. Ipinagkakatiwala ko po ang mensaheng ito sa Iyo, at Iyo po itong bantayan, at maghatid Ka ng sampu-sampung libo, Panginoon, o, lahat ng Iyong itinalagang mga anak sa Ebanghelyo. Kay Jesus Cristo, na Siyang Salita, sa Kanyang Ngalan ay dumadalangin ako. Amen.

251 Mahal Siya, mahal Siya

Pagkat minahal Niya ako

Nag-alay ng kaligtasan

Sa Kalbaryo.

26 Idagdag nawa ng Panginoon ang Kaniyang pagpapala sa pagbasa ng Kaniyang Salita. Ngayon, bilang isang Sunday school class, nais kong sabihing nais nating sikaping ituon ang ating pansin sa abot ng ating makakaya sa Salita.

27 At nalalaman natin na—na minsan ay may mga bagay na nababanggit (at ilang mga iglesia), na nakatitisod sa isang taong naturuan ng kontra sa kanilang naririnig. Halimbawa, may isang lalaking nagsabi sa akin nung isang araw, isang kaibigan ko na nakaupo rito ngayon, ang sabi niya, "Nang sabihin mo, Brother Branham, bagama't malaki ang sampalataya at paniwala ko sa iyo, nang sabihin mong walang impiyernong eternal," aniya, "Muntik na akong mahulog sa aking upuan. At ang sabi ko, 'Tiyak na nagkakamali ang lalaking iyon.'" At pagkatapos ay sinabi niya, "Hinayaan mo kaming tumayo ng ilang sandali. At pagkatapos ay sinabi mo, "May iisang anyo lamang ng Eternal na Buhay, at iyon ay nagmumula sa Diyos.'" At iyon ang hinahanap nating lahat. Kita n'yo?

28 At walang Kasulatang nagsasabing may impiyernong eternal. 'Pagkat ang eternal ay hindi nagpasimula, o magwawakas man. Kaya ang sabi ng Biblia, ang impiyerno ay nilikha para sa Diablo at sa kaniyang mga anghel, kaya hindi ito eternal.

29 May panahon na wala pa iyon, at darating ang panahon na mawawala itong muli. Ngunit maaari silang maparusahan doon, sa pamamagitan ng apoy at asupre, at ng mga hukay na nag-aapoy, sa loob ng libu-libong taon, ngunit sa kahuli-hulihan ay magwawakas din ito sapagkat ang impiyerno ay hindi eternal. At kung mayroon eternal na impiyerno, kakailanganin mong magkaroon ng Eternal na Buhay upang mabuhay sa Eternal na impiyerno. At kung ito ay eternal, dati na itong gayon, at dati na kayong nasa impiyerno at sa lahat ng panahon ay mapapasa impiyerno kayo. kita n'yo, kaya't walang gayong bagay.

30 Kaya, nakikita n'yo ba, ang "eternal" ay "hindi kailan man nag-umpisa o magwawakas." At iisa lang ang anyo ng Eternal na Buhay, at iyon ay nasa Diyos, galling ito sa salitang Griego na "Zoe," na nangangahulugang "Sariling Buhay ng Diyos." At kapag isinilang tayong muli ng Espiritu ng Diyos, nagiging eternal kasama ng Diyos, sapagkat may taglay tayong bahagi ng Kaniyang Buhay, na siyang dahilan kaya tayon nagiging mga anak na lalaki at babae ng Diyos, at kung magkagayo'y mayroon tayong Eternal na Buhay. At ang Buhay na nasa atin, babangunin ng Diyos ang katawan kalakip ang Buhay na iyon sa huling araw; ngunit ang Espiritu ng Diyos na nasa sa atin ang magbabangon sa atin, sapagkat ang Espiritu ni Cristo na nakay Cristo, na siyang magbibigay-buhay sa ating mga katawan at siya ring magbabangon sa

atin kalakip Niya upang umupo sa—sa—sa kaluwalhatian upang magharing kasama Niya.

30 Ngayon, magtungo na tayo sa paksa. Ngayon, sa mga nagdaang taong ito ako, at ang tabernakulong ito ay tumayo, bagama't inordina ako sa isang Missionary Baptist Church ni Doctor Roy E. Davis, mga tatlumpu't tatlong taon na ang nakalilipas sa Jeffersonville . . . Ngayon, ako . . . Magmula noon, napasa organisasyon ako nang maiksi lamang na panahon, ilang buwan lamang, hanggang may isang bagay na ipinalitaw ang iglesia na hindi ayon sa Kasulatan, at sinabi ko sa kaniyang di ako tatahak do'n. At kaya nga ako ay, siyempre pa hinilingang sumunod o kung hindi, at pinili ko yung kung hindi. Kaya iyon ay isang bagay na pinaniniwalaan ko, na ito ay Salita ng Diyos. At sinabi ko sa lalaking iyon na isang bihasang guro, "Kung maipapakita mo sa akin iyan sa Salita ng Diyos."

"Ngunit iyon nga ay naroroon," ang sabi niya, "iyon ang turo natin,"

Ang sabi ko, "Ngunit nais kong manggaling ito sa Salita (Kita n'yo?), sa Salita ng Diyos."

31 At hindi dahil hindi ako kabilang sa organisasyon kaya ako lumalaban sa organisasyon, sapagkat ako ay nagpapasalamat sa mga kapatid kong lalaki na pinangungusapan ko sa araw na ito, na nag-iimbinta sa akin, sa wari ko'y, holos bawat denominasyon, lalung-lalo na sa hanay ng mga full Gospel, at maging sa marami pang ibang mga simbahan. Nahilingan na akong pumasok sa kanilang fellowship at sumapi sa kanila, ngunit nanatili akong independente. Sapagkat anumang impuwensiya mayroon ako, ayaw kong ilagay sa isang grupo lamang ng mga tao. Nais kong ilagay kung anong ibinigay sa akin ng Diyos, ang manalangin sa maysakit, kung saan makikinabang ang lahat ng mga anak ng Diyos na nasa bawat organisasyon. Kailanman ay hindi Niya ako binawalang manalangin para sa isang tao dahil kabilang siya sa ganito-at-sa-ganiyan; ang Diyos ang humahatol sa puso ng tao.

32 At ngayon, sa pasimula, ang dahilan kaya hindi ako sumali sa kanila at ako ay nangusap laban dito, ay una, dahil hindi ako naniniwalang ang pag-oorganisa ng Cristianismo ay ayon sa Kasulatan. Sa paniwala ko ito ay di ayon sa Kasulatan. At iyan ang susubukin ko ngayong gabi, pagsisikapan ko sa biyaya ng Diyos na patunayan sa inyo na ito nga ay di ayon sa Kasulatan, di katanggap-tanggap na magkaroon ng anumang organisasyon.

33 Ngayon, unang-una, tinatawag natin itong relihiyon. Ang salitang "relihiyon" ay isang "pangtakip," ang ibig sabihin ay "takpan ang isang bagay." Ngayon, si Adan ay nagka relihiyon, ngunit tunay ngang hinango niya

pa mahuli ang mga ito ng lambat, mga isda na sila noon. Mga isinilang sila, itinalagang mga isda. At gayon din ang lambat ng Ebanghelyo na nakahuhuli sa mga revival. Kilala N'yo po ang ganang sa Inyo. Ang tanging responsibilidad ko, Ama, sa abot ng aking nalalaman, ay ang manatiling tapat sa Salitang ito. Ikaw ang nagpapasya kung alin ang alin. At nalalaman kong kung papaanong hindi maaaring maging isda ang pagong, hindi rin naman maaaring makaunawa kailan man ng Katotohanan ang isang tao o isang personang bingi sa Ebanghelyo. Sapagkat nakita na ito ng Ama bago pa man, at ipinangako Mong lahat ng ibinigay Niya sa Iyo ay lalapit.

245 Makalangit na Ama, idinadalangin kong ang bawat taong makaririnig ng munting mensaheng ito nawa ay maliwanagan sa Liwanag ng pagkakapangaral dito, at sa kahulugang taglay ko sa aking puso para sa aking mga kapuwa, mga taong pinag-alayan Mo ng kamatayan. At mga kalalakihan, ang ilan sa kanila ay naroon, Panginoon, tulad ng lupon ni Core, mga tunay na lalaking napangunahan nang mali, na may hawak na banal na pansoob, ngunit mga namatay. Aba'y, ni hindi hinayaang makapasok na kasama nila ang pansoob; ang anak ni Aaron na si Eleazar, ang kinailangang magtipon nito. At gumawa sila ng bandila para sa altar na yari sa mga pansoob na iyon, isang panakip upang ipakita, at upang maging alaala ng napakasamang bagay na iyon, na sinubukan ni Coreng bumuo ng isang organisadong pangkat laban sa mensahero ng Diyos. Ilayo Mo nawa kami roon, Panginoon. Palagian nawa kaming ingatan ng Espiritu Santo.

246 Pinasasalamatan ka namin, Panginoon, na ang munti naming simbahan, ang munting banal na dambanang ito . . . Maraming mga taon na ang lumipas, mga tatlum taon na, lumuhod ako sa tibag na ito na puno ng damo at hamog, at aming inialay ang lupang ito Iyo, ang munting istrukturang ito. At doon sa sulok na iyon ng Tabernakulo ay nakahimlay ang pangitaing iyon. Natupad ito nang gayung-gayon. Naroroon pa rin iyon. Hindi nila ito gigibain, Pganinoon, kanila lamang . . . lumuluma na ito, at kanila lamang itong ipipriserba sa pamamagitan ng pagpapatong dito. Diyos, itulot Mong ang ginintuang Ebanghelyon ito na nakatala sa mga pahinang ito, ay huwag lumisan sa munting simbahang ito hanggang dumating si Cristo. Nawa ang bawat miyembro, bawat miyembro ng Katawan ni Cristo, dumarating sila rito mula sa buong bansa at sa buong mundo, bawat isa nawa sa kanila ay tumanggap sa Liwanag, sa Ebanghelyo, at lakaran Ito at tanggapin si Cristo.

247 At maging totoong totoo nawa ito na ang Kaniyang mga Salita ay matupad, "Ang mga gawang ginagawa Ko, ay gagawin n'yo rin naman. Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan." At kapag pumasok ang Buhay na Walang

242 Ngayon, nais kong tanungin kayo ng isang bagay, ang Branham Tabernacle. Kayo'y magiging isa nang malaking Tabernakulo. Maaaring malayo ako sa loob ng ilang panahon. Maaaring magtungon ako sa isang lugar: mahirap masabi kung saan ako tatawagin ng Panginoon; marahil ay alisin na Niya ako sa eksena, marahil pabalikin Niya ako sa pagmimisyon; marahil ay tawagin Niya ako sa ilang. Hindi ko alam kung saan Niya ako tatawagin hanggang sa dumating Jesus. Gusto kong tanungin kayo ng isang bagay. Humingi ba ako sa inyo ng anuman? Nanlimos ba ako sa inyo ng inyong pera? May sinabi ba ako sa inyong anuman, sa libu-libong mga bagay na sinabi ko sa inyo sa Ngalan ng Panginoon, ngunit hindi natupad? Kung gayon ay huwag na huwag kayong sasapi sa isang organisasyon. Ito'y laban sa Salita ng Diyos. Lumabas kayo ro'n kung kayo ay naroroon na, at humiwalay kayo at tanggapin ninyo ang Salita ng Panginoon. Magsiyuko tayo.

243 Dakilang Diyos ng mga propeta, Diyos ni Abraham, Isaac, at ni Israel, dagdagan Mo po ng lakas, Panginoon, ang munting putul-putol na mensaheng ito na matagal nang nasa aking puso para ihatid sa aking mga kapatid. Marami sa kanila na naroroon sa labas, Panginoon, ay maling impresyon sa akin. Iniisip nilang gusto kong maging kakaiba. Iniisip nilang nag-aasta akong nakakalam ng lahat ng mga bagay. Sinabi nila sa mga taong dinadaya ko ang mga tao, lalo na sa paksang tulad ng bautismo sa Ngalan ng Panginoong Jesus, at ng binhi ng serpente, ng dakilang patutot, at sa maraming mga tape na lumabas na ang taglay ay puro lamang walang halong Katotohanan. At hinilingan ko sila, "Pumarito kayo at ipakita n'yo sa akin kung saan ako nagkasala, o di sumampalataya, o nagbigay ng maling pakahulugan sa Salita." At walang nagpakita. Idinadalangin ko sa Iyo, Ama, ipaalam Mo po sa mga kalalakihang ito na di nila nakikita ang panahon. Masayda silang matatagal sa paghihintay, kung hindi sila magmamatiyag. Nawa sila, bawat isa . . .

244 Panginoon, tiyak ako dito. Ang puso ko ay mawawasak kung ang Kasulatang ito ay hindi tunay sa akin, nang sabihin Mo, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin. Dinirinig ng aking mga tupa ang Aking Tinig." Kung gayon, Panginoon, sa wari ko ang Kaharian ay tunay ngang tulad ng Iyong sinabi; alam kong gayon nga. Tulad ito sa isang lalaking kumuha ng isang lambat at nagtungo sa lawa, inihulog ang lambat at nakahuli ng lahat ng klase. Naroon, walang duda, ang isdang magbabasura, may mga pagong, mga gagambang tubig, mga ahas, lahat ng nahuli ng lambat. Ngunit maya-maya, ang ulang ay bumalik sa tubig; ang pagong ay humiwalay; ang ahas ay pumaswit at nagbalik sa putikan, tulad sa isang asong nagbabalik sa suka nito o ang isang baboy sa paglulubalob nito. Ngunit may tunay na isda roon, Panginoon. At may konsolasyon ako sa pagkakaalam, na maging bago

iyon sa mga dahon ng igos, at hindi ito umubra. Gumawa siya ng sarili niyang teorihiya at sinubukan niyang gumawa ng daan ng pagtakas upang makasumpong ng kaligtasan sa isang bagay na siya mismo ang may gawa, at ito ay tinanggihan ng Diyos mula kay Adan hanggang sa uri ng huling organisasyon. Hindi kailan man, at sa biyaya ng Diyos patutunayan natin iyan ngayong gabi sa pamamagitan ng Biblia. Ang relihiyon ay isang pangtakip. Ginawan ni Adan ang kaniyang sarili ng isang pangtakip mula sa mga dahon ng igos, siya mismo ang gumawa nito, upang subukang makagawa ng isang bagay sa ganang kaniyang sarili. Ngunit ang hinihingi ng Diyos ay kamatayan, isang katubusan.

34 Ngayon, malaki ang kaibahan ng relihiyon sa kaligtasan (Kita n'yo?), kaligtasan. Ang relihiyon ay isang pangtakip. Kita n'yo? Ang kaligtasan ay isang kapanganakan, isang kaloob ng Diyos, at hindi ito matatamo sa pamamagitan ng sinumang tao o anumang grupo ng tao. Sa indibiduwal ito inihahatid ng Diyos. Ang mga kaloob na ito ng Walang Hanggang Buhay ay itinalaga ng Diyos sa bawat indibiduwal bago pa tayo magkaroon ng daigdig, ayon sa Kasulatan. Ang sabi ng Biblia sa Apocalipsis, na ang anticristong parating sa ibabaw ng lupa ay dadaya sa lahat nananahan sa lupa, na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa itatag ang sanlibutan. Kita n'yo? Ang Diyos sa pamamagitan ng paunang-kaalaman ay nakita na kung sinong lalapit at kung sinong hindi lalapit; si Cristo ay bumaba upang gumawa ng daan sa mga magsisilapit. Kita n'yo, dahil nalalamang ang iba ay . . .

35 Kung Siya'y Diyos talaga, dapat ay maging impinit Siya. At kung Siya ay impinit, hindi maaaring maging impinit Siya nang hindi Niya nalalaman ang lahat ng bagay. Hindi maaaring alam Niya ang lahat nang hindi Siya nasa lahat ng dako. Hindi Siya maaaring maging nasa lahat ng dako nang hindi Niya nalalaman ang lahat ng bagay. Kaya, nakikita n'yo ba, lahat ng iyan ay bumubuo sa Kaniya bilang Diyos.

36 Kaya't alan na Niya ang wakas mula sa pasimula. Alam na Niya kung sinong lalapit at kung sinong hindi, at alam na Niyang marami ang lalapit, kaya't isinugo Niya si Cristo upang ipangtubos sa mga magsisilapit. Ngayon, walang kinalaman dito anumang maaari nating magawa. Ang sabi ni Jesus, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, (Ibinigay na, nagdaan na), ay magsisilapit sa Akin. At walang makalalapit malibang palapitin ng Aking Ama." Kita n'yo? Ngayon, kita n'yo, nasa kaalaman ng Diyos ang lahat ng ito.

37 Sasabihin mo, "Brother Branham, kasali ba ako?" Hindi ko alam. Umaasa akong kasali ako. Tinatrabaho natin ang sarili nating kaligtasan nang may takot at panginginig. Ngayon, ang Iglesia ay itinalaga upang katagpuin

ang Diyos nang walang batik o kulubot man. Ngayon, kung tayo ay nasa Iglesiang iyon, tayo ay nakatalagang kalakip ng Iglesiang iyon. Ngayon, suriin ninyo ang inyong sarili sa pamamagitan ng Salita, kung magkagayon ay matitignan n'yo kung gaano na tayo kalayo.

38 Ngayon, ngayon, ang Cristianismong organisasyonal ay hindi maaaring makapagkaloob ng katiyakan. Hindi. Ang ilang sa kanila ay nagsabi, "Lumapit ka at ipahayag mong si Jesus ang Cristo, at ikaw ay magpabautismo upang mapabilang ka sa iglesia." Ganiyan din ang ginagawa ng diablo. Siya mismo ay naniniwala, na si Jesus ang Cristo at nanginginig pa. Kita n'yo, tama.

39 Hindi kailan man iniutos ng Diyos, saan man sa Kasulatan, na magkaroon ng anumang organisasyon. Walang puwang ang Biblia para sa ganiyan. Nagsimula si Adan ng isa at ito ay nabigo. At sinubukan ni Nimrod na gumawa ng isang organisasyon.

40 Kung isa kang mananalaysay, at alam mo ang kasaysayan ng Babilonia, nabasa mo ang "Two Balylons" ni Hislop, napakarami mong kaliwanagang makikita, na si Nimrod, ang makasalanang lalaking ito ay kumubkob sa Babilonia at lahat ng maliliit na kasama nitong simbahan, o ang mga lugar na nasa palibot nito, na isang tipo ng apostasya ng sankacristianuhan ng huling araw na ito, at gumawa siya ng isang napakalaking lugar at ang lahat sa kanila ay nagbuwis do'n. At doon ay nagtayo siya ng isang moog at sinubukan niyang ioganisa ang mga tao, ngunit ito ay nabigo. Ito ay nabigo. Iyon ay nabigo.

41 Si Core, sa Mga Bilang 16:1, kung nais n'yong basahin, sinubukang gawin ni Core ang gayon ding bagay. Tinipon niya ang lahat ng mga Levita, at kinuha niya ang—ang ilan sa mga tanyag, ang matataas na tao, mga dakilang lalaki, at siya at si Dathan nagpulong at nagsabi, "Hindi tamang may isang taong nagsisikap na pamunuan tayong lahat." Kaya nga magkasama nilang sinubukang makapagsimula ng isang organisasyon, at lumapit sila kay Moises at Aaron, na pinili ng Diyos para sa gawaing iyon, at sinabihan silang sobra-sobra ang inaako nila, na ang buong kongregasyon ay banal, at mayroon silang karapatang . . . "Sa karamihan ng mga payo ay may kaligtasan," anupa't iyon ang sabi nila. Hindi iyan nauukol sa Cristianismo. Iyan ay sa digmaan. Pansinin n'yo, napakalaki ng kaibahan.

42 Maaari kang kumuha ng Kasulatan, at magsabing, "At humayo si Judas at nagbigti," at, "gayon din ang gawin n'yo," kung nais n'yo, ngunit hindi iyon tama.

nasa sa akin, at inaangkin kong taglay ko ang Espiritu Santo, pagkatapos ay magdadagdag ako ng isang dogma sa halip ng Salita? Sadyang hindi maaari. Papaano akong makapagdaragdag ng isang denominasyon samantalang laban Siya dito, at pinatunayan Niya, at ipinakita Niya sa kasaysayan, na sa tuwing nagtatatag sila ng denominasyon sila ay namamatay, sa spirituwal na kalagayan? Oh, dumadami ang kanilang mga miyembro, tiyak. Tama. Dumadami ang kanilang mga miyembro. Ngunit sa espirituwal, wala silang nararating. Ipakita n'yo sa akin, sabihin n'yo sa akin sa kasaysayan kung saan ang isang iglesia ay . . . Matapos itong mag-organisa, namatay na ito kaagad; nilisan na ito ng Espiritu Santo; wala nang himala at mga tanda, at siya ay nasadlak na sa kaguluhan.

238 Ganiyang-ganiyan ang nangyari sa ating mga simbahang Pentecostal. Ginawa nila ang katulad na katulad ng ginawa ng kanilang ina. Nung umpisa ay lumibas sila bilang isang bayang tumanggi sa mga denominasyon. Ngayon, ilan sa inyong mga kapatid na lalaking nakikinig sa tape na ito, ilan sa inyong mga matatandang kalalakihan ang nakakaalam niyan maraming taon na ang nakararaan, apatnapu, limampung taon na ang nakalilipas, kapag nangusap sila sa inyo tungkol sa isang organisasyon, sasabihin n'yong pamumusong ito. Ngunit ngayon kabilang na kayo sa bagay na inisip n'yong pamumusong noon. Kayong mga kababaihang nagpapaiksi ng inyong buhok at nagpipintura ng inyong mukha, laban diyan ang nanay n'yo dati, ang butihing banal na Pentecostal na iyon. Anong nangyari sa inyo? Ang sabi ni Pablo, "Nagsitakbo kayong mabuti nang una, anong humadlang sa inyo?" Kita n'yo, kita n'yo? Noon malaya kayo sa bagay na iyan, ngunit nagnasa kayong maging katulad ng iba.

239 Ganiyang-ganiyan ang sinabi ni Samuel . . . May Hari ang Israel, at iyon ay ang Diyos. At ang sabi nila, "Samuel, tumatanda ka na. Gawan mo kami ng hari; nais naming matulad sa iba. Nais naming matulad sa iba pang mga bansa. Nais namin ng isang hari na mangunguna sa amin sa pakikidigma; nais namin ng haring makalalaban sa ating mga digmaan." At hindi ito kinalugdan ni Samuel.

240 Ang sabi niya, "Kumuha ba ako ng anuman sa inyo? Kinuha ko ba kailanman ang inyong salapi? Hiningian ko ba kayo ng baka o ng anuman? Hiningian ko ba kayo ng anumang bagay?"

Ang sabi nila, "Hindi, hindi mo kami hiningan ng anuman."

241 O sinabi niya marahil, "Nangusap ba ako sa inyo ng anuman sa Ngalan ng Panginoon nang hindi natupad?" Tama ba iyon? Ang sabi niya, "Kung gayon ay huwag n'yong tanggapin ang haring iyon, sapagkat mangangahulugan ito ng kaguluhan sa inyo."

maaaring magkaroon ng kahatulan, na tama, nang walang kaparusahan. Ngayon, kita n'yo, hindi kayo maaaring magkaroon ng isang batas sa bayan na nagsasabing "limang dolyar na multa sa pagtakbo pag pula ang ilaw," at pagkatapos ang kasunod na batas ay nagsasabing, "hindi, matatakasan mo iyon." Kita n'yo, hindi maaari iyon. Kaya't hindi maaaring may dalawang batas na umiiral sa iisang pagkakataon. At may iisang batas, iisang Diyos, iisang Aklat, iisang Cristo. Iyon lang. Isang pananampalataya, isang pag-asa. Iyon lang. Iyan ang Biblia: si Cristo.

234 Pansinin n'yo ngayon dito, kung mayroong idaragdag Dito, malamang tao ang nagdagdag nito. Hindi maaaring humigit pa sa . . .

235 At kung hahatulan ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang iglesia, tulad ng sinasabi ng Catolico, kung gayo'y anong simbahang Catolico ang ipanghahatol Niya? May kung ilan ang mga ito; may isang Romano, isang Griego; at, oh, may iba't-ibang klase. Aling simbahang Catolico ang ipanghahatol Niya? O, marahil ay hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Lutheran? Buweno, kung gayon, marahil ay hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Presbyterian? Kita n'yo? Anong gagawin Niya? Hindi Niya ito hahatulan sa pamamagitang ng isang simbahan. Hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Buweno kung gayon, hindi Niya kailan man . . .

236 Kita n'yo, hindi Niya mapananatili ang isang grupo ng mga tao, tulad ng pangitain ng sister nung isang gabi, nang bumuhos ang Espiritu Santo, lumusot Ito sa kahon. Tiyak nga, walang makahahawak Niyan. Ang indibiduwal lamang. Ipinagkaloob Ito upang linisin ang iglesia, ngunit hindi nito Ito kayang hawakan. Walang organisasyong makahahawak Dito. Iyon lang. Sadyang hindi nito magagawa. Ngunit ang indibiduwal ang nagtataglay ng Espiritu Santo. Ngayon, pansinin.

237 At kung hahatulan ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, kung gayo'y binantayan Niya Ito at pinanatili Itong nasa kundisyon. O, kung Ito ay kaduda-duda, paano Siyang makahahatol? Kita n'yo? Dapat hindi ito basta-basta. At hindi Niya sinabing, "Sinuman, sa pamamagitang ng iglesia . . ." Ang sabi Niya, "Sinumang magbawas ng isang Salita Dito, o magdagdag ng isang salita Dito, ang kaniyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay."

Kaya sa akin, ito'y ang Diyos, ang Kaniyang Salita, at ang kahatulan. Ngayon, kung hahatulan ko at tatanggapina ang Salita, at makikita kong si Cristo ay namatay para sa akin, kung gayon ay hihilingin kong pumasok ang Kaniyang Buhay at gabayan ako. At kung ang Kaniyang Buhay ay ang Salita, at Siya ang sumulat ng Salita, papaanong mangyayaring ang Buhay Niya ay

43 Hinirang ng Diyos si Moises at hinirang ng Diyos si Aaron, at iyon ang mensahe ng panahon. At gaano man kagandang tignan ang kabilang panig, kontra iyon sa pag-iisip ng Diyos. At kakailanganin nating tulutang maging pag-iisip natin ang pag-iisip ng Diyos. Tulutan n'yong mapasa inyo ang pag-iisip na nakay Cristo. At inihahayag ng Biblia ang pag-iisip ni Cristo. Ang buong Aklat ng Pahayag, na kung tawagin ay Apocalipsis, ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo. At nakikita natin kung papaano Niyang kinukundina ang bagay na iyon, kung papaano Niyang dinadala iyo sa isang panig, at pupuntahan natin iyon mamayang kaunti. Sige.

44 Si Core, sa painwala ko ay sinsiro sa kaniyang ginawa. Naniniwala akong hindi nilayon ng taong iyon na gumawa ng mali. Sa panilawa ko'y ang dahilan no'n ay ang kaignorantehan ng lalaking iyon na hindi nakakita ng pagkilos ng kamay ng Diyos at hindi alam ang Kasulatan, at iyon ang dahilan kaya dinala niya iyon sa pangangatuwiran.

45 At halos ganiyan nga ang nobenta porsyento ng problema sa araw na ito, sinusubukan nating isingit ang pag-iisip natin sa programa ng Diyos. At ganap ngang hindi tayo dapat mag-isip. Siya ang gumagawa ng lahat ng ating pag-iisip. Dapat nating isuko ang pag-iisip natin sa Kaniyang kalooban. Kita n'yo? Nauunawaan n'yo na ba ngayon?

46 Si Core na may mabuting intension ay umikot na may dalang maling doktrina, sinasabi sa mga kapatid na lalaking ito, at ipinapakita sa kanila sa pamamagitan ng pangangatuwiran, na hindi lang si Moises ang binasbasan ng Diyos, ang propeta, ang mensahero, at siya lang ang binasbasan, kundi, "Ang buong kongregasyon ay banal," aniya, "at ngayon, ang buong kongregasyon ay may karapatang gumawa ng ganito, at ang buong kongregasyon ay may karapatang gumawa ng ganiyan." Kaya't nagsikuha sila ng mahuhusay na lalaki, mga Levita. Ngayon, iyon ay pinili ng Diyos, na kung tatawagin ngayon ay mga ministro; ang Levita ang ministro ng templo. Hindi ba't si Moises ang nag-atas sa kanila para dito?

At hindi niya iyon ginawa nang may paglalapastangan. Sinabihan niya silang magsikuha ng mga pansuob, at lagyan ito ng banal na apoy, at ilagay ang insenso sa ibabaw nito, at iwagayway ang banal na insensong ito, na siyang utos ng Diyos. At nagsiparoon sila upang bumuo ng isang grupo ng mga kalalakihan na mamamahala sa iglesia, samantalang isang lalaki ang inutusan ng Diyos upang gawin iyon.

47 At nang gawin nila iyon, nagpatirapa si Moises sapagkat nalalaman niyang inutusan siya ng Diyos na gampanan ang trabahong iyon. At sinabi ng Diyos, "Ipadala mo sa kanila ang mga pangsuob na iyon sa harap ng tabernakulo." Kaya't nang simulan nilang iwagayway ang kanilang mga pangsuob na puno

ng apoy, at ang insenso ay humahalimuyak, sinabi ng Diyos kay Moises at Aaron, "Ihiwalay n'yo ang inyong sarili sa kanila. Magsilabas kayo sa kanila." Dahil pagkatapos no'n ay tinawag Niya silang mga makasalanan, mga di mananampalataya.

48 At ang kasalanan ay ang di pagsampalataya sa Salita ng Diyos. Nagnanakaw ka dahil di ka sumasampalataya; nagsisinungaling ka dahil di ka sumasampalataya. Nangangalunya ka dahil di ka sumasampalataya. Kung isa kang mananampalataya, hindi ka gagawa ng gayon. May dalawang daan lamang, iyon ay pananampalataya o di pananampalataya; kung di ka kontrolado ng isa, yung isa ang may kontrol sa iyon.

49 Ngayon, ang Diyos nang pasikula ay ang Salita, at nagkatawang-tao Siya at nanahan sa kalagitnaan natin. Siya ang Salita; Siya ang Salita. At kapag ang Diyos ay nanahan sa iyo, ang Salita ng Diyos ang nananahan sa iyo na tumutugon sa bawat sinasabi Niya ng "Amen." Iyan ang Diyos na nananahan sa iyo.

50 Ngayon, kung mapapansin n'yo ang mga inosenteng lalaking ito na may dalang mga pansuob, banal na apoy sa kanilang kamay, ibinuka ng Diyos ang lupa at ipinalamon sila, at inihiwalay sila kay Moises dahil inihiwalay ni Moises ang sarili niya sa kanila. At binalaan ni Moises ang kongregasyon, "Huwag kayong makitungo sa ganiyang uri ng kalipunan. Layuan n'yo sila." Ngayon, nalalaman n'yo ang Kasulatan; basahin n'yo ang ika-16, ika-17, ika-18 talata, maging ang buong kabanata, at makikita n'yo. "Humiwalay kayo sa mga makasalanan, mga di sumasampalatayang makasalanan. Magsilabas kayo sa kanila, sapagkat sila ay patungo sa kapahamakan, pati na lahat ng tinatangkilik nila." At nang sila ay—sumunod ang lupa at bumigay na kasama ang mga lalaking ito na may hawak-hawak na banal na apoy: mga inosenteng tao na nalinlang ng isang lalaki.

51 Gayon din sa araw na ito. maramng inosenteng taong nahuhulog sa bitag ng traditsyon, hawak-hawak ang Salita, at di-umano'y nangangaral mula Rito. Nakita ko ang isang ekspresyong nabanaag sa mukha ng isang ministro pagakasabi ko no'n, isang siyang ministrong Methodist hanggang nung nakaraang Linggo ng gabi. At nang tumingin siya, sa palagay ko'y napakalaking bagay sa iyo, kapatid, na ikaw ay nakalabas na.

52 Ngayon, nakikita n'yo ba, may hawak na mga pansuob, apoy na sumusunog ng mabangong samyo sa harap ng Diyos, at ang mga kamay na humahawak no'n, ay nangamatay rin nang hawak-hawak ang mga pansuob, sapagkat sinisikap nilang makagawa ng isang bagay na may katapatan, ngunit salungat sa Salita ng Diyos, sa pagsisikap nilang makabuo ng isang

nakikita n'yo ba, ang organisasyon ay hindi ayon sa Kasulatan, at kapag tinaggap mo ang unang dogma mabuti pang bumalik ka na lang nang lubusan, 'pagkat doon mismo ay tumawid ka na sa hangganan. Kapag bumalik ka sa bagong kapanganakan, kung magkagayo'y lalakad ka sa Kasulatan.

229 At pagpasok mo sa isang denominasyon, ang sabi nila, "Alam ko; hindi kami naniniwala sa Ganito. Tinuturo ng aming mga obispo sa iglesia na kami ay isa sa pinakamatandang simbahan. Hindi namin itinuturong . . ." Hindi mahalaga sa akin kung anong hindi nila tinuturo. Kung itinuturo ito ng Bilbia, ang Espiritu Santong nasa iyo ay manginginain sa Salita. Gaaano man katalino ang isang tao at gaano man niya magawang maipaliwanag ito, kaya nilang magpaliwanag. Maaaring kunin ng isang di mananampalataya ang Biblia at ipaliwanag ang Diyos palayo sa iyo.

230 Kaya nga, walang karapatan ang sinumang tao na mangaral ng Ebanghelyo malibang matulad siya kay Moises, na nakatagpo ang Diyos ng isahan sa mga banal na buhanginan, malibang isilang na muli ang tao at makatagpo ang Diyos nang mukhaan, at alam niya. Walang di mananampalataya; walang sikolohiya; walang pagpapaliwanag; walang iskolar sa mundo na makaaagaw niyan sa iyo. Naroon ka nang maganap ito. Opo. Alam mo kung anong nangayari.

231 Pagkatapos ay sasabihin mo, "Naranasan ko na ang gayon, at nilukuban ako ng isang espiritu." At kung itinatanggi nito ang Salita sa anumang paraan, mali ang espiritung taglay mo. Sasabihin mo, "Hin—hindi ko mapapayagan ang ganitong bagay, alam ko, ngunit ang simbahan namin . . ." O, o, may maling espiritu. Hayan ang tatak ng iyong pagkakakilanlan. Cain, markado ka. Opo.

232 Isang munting Salita lamang ang pinag-alinlanganan ni Eva, hindi lahat ng sinabi ng Diyos, isang munting Salita lamang, at ito ang naging dahilan ng bawat ng sakit ng puso at pagkawasak ng puso, at kamatayan, at kasalanan, at mga digmaan, at lahat ng iba pa, bawat libingan, bawat ambulansyang sumisirena, bawat ospita na itinayao para sa may sakit. Ang munti niyang pagdududa sa isang munting Salita ng Diyos ang naging dahilan ng lahat ng ito. At siya ay inilabas, samantalang hindi naman ito kailangang mangyari. Papaano kang makapapasok nang nagdududa sa isang Salita Nito? Sasabihin mo, "Alam kong iyan sinasabi Nito, ngunit Ito'y . . ." Iyan nga talaga ang ibig sabihin niyan.

233 Ngayon, tignan n'yo. Kailangang hatulan ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang bagay. Hindi ka maaaring magkaroon ng kahatulan malibang mayroon ka munang batas. Kinakailangang may isang bagay, dapat may suwayin ka muna upang ikaw ay mahatulan. Kita n'yo? At hindi

n'yo? Kapag ang bautismo ng Espiritu ay pinagkamaliang tubig sa simbahang Catolico, pakikipagkamay sa simbahang Protestante, at emosyon sa simbahang Pentecostal, sa halip ng pagpasok ng Persona ni Cristo taglay ang buong pyramid na tinalakay natin nung isang araw.

225 Idagdag n'yo sa inyong pananampalataya ang kalakasan, at iba pa, lahat ng ito na nasa unang kabanata ng I Pedro—o II Pedro, sa wari ko, sa unang kabanata, kung saan ay idinaragdag ang lahat sa iyong pananampalataya, lahat ng mga bagay na ito, pagkamakadiyos, at kadalisayan, at kabanalan, at lahat na, at pagkatapos ay matatakan ka na ng Espiritu Santo.

226 Ngunit tulad lang ito ng isang—inaangkin ng mga taong taglay na nila ito samantalang hindi naman, sapagkat mali ang pagkakaturo sa kanila. Ang mga Methodist ay may nararamdamang kakatwa, dati, at nangangatog nang kaunti, o nagsasayaw sa Espiritu. Ang mga Pentecostal ay nagsasalita ng iba't-ibang wika o gumagawa ng isang bagay na madamdamin. Naniniwala ako sa mga bagay na iyan, tiyak nga, ngunit kung hindi kalakip ng mga bagay na iyon ang mga iba pang ito wala itong kabuluhan.

227 Tulad ng sabi ko nung isang araw, para itong isang pabo—o isang ibong itim na naglalagay ng balahibo ng pabo, o isang buwitreng gumagamit ng balahibo ng kalapati. Hindi iyon tumubo; itinusok niya ang mga ito sa kaniyang sarili. Ang mga ito'y itinanim; sila'y mga mga denominasyon. Ngunit kapag ang Diyos ang naglagay ng anumang bagay, ito'y likas. Ipinasasabi mo sa sarili mo, "Sumapi ako sa iglesia kagabi. Hindi na ako makaalis. Hindi na ako makainom. Hindi ko na magawa ang ganito. Sumapi ako sa iglesia." Kita n'yo, sinusubukan n'yong maglagay ng balahibong pabo sa inyong katawang buwitre. Tama. Kita n'yo, kita n'yo? Kinakailang isilang kang muli. Kinakailangan mong tanggapin si Cristo. At kapag tinanggap mo si Cristo, hindi maaaring tanggapin si Cristo nang hindi mo tinatanggap ang Kaniyang Salita, sapagkat Siya ang Kaniyang Salita. At kapag may anyo ka ng kabanalan, pagkatpaos ay itinatanggi mo iyon, kung gayo'y nag-iisip ako. Kita n'yo? At maaari ka ring makabilang sa lahat ng organisasyong ibig mo at magkaroon ng anyo ng kabanalan, at pagkatapos ay wala ka pa rin nito.

228 Ngayon, hayan, mga kaibigan. Iyan ang kabuuan nito. Pagpalain kayo ng Diyos. Tulungan nawa kayo ng Diyos. Hindi ko ito sibasabi para ako'y maiba. Ipinapaliwanag ko ang aking sarili. Bagama't araw ito ng Tigil-putukan, hindi ako nkikipaglagdaan ng kasunduang pangkapayapaan sa inyong mga ministro, hinding hindi; sa palagay ko'y kayo ang dapat makipaglagdaan sa akin; hindi sa akin, kundi sa Diyos, ang Salita. Tama. Sabihin n'yo kung anong sinasabi ng Biblia; sabihin n'yo ayon sa pagkakasabi Nito. Sapagkat ang Biblia ay nagsabi, "Sinumang magbawas o magdagdag ditto . . ." At

organisasyon. Ang sabi, "Masyado kang marami inaako. Sino ka para magsabing taglay mo ang lahat ng Salita ng Diyos?"

53 Hindi nila nakitang si Moises ang mensahero ng panahong iyon. Kita n'yo, taglay niya ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Walang sinumang katulad niya sa ibabaw ng lupa. Taglay niya ang mensahe, at hindi ito nakita ng mga tao. At akmang-akma si Moises sa ITO ANG SABI NG PANGINOON. Tiyak nga. Tama.

54 Ngayon, gayon din ang nakikita natin, mabubuting kalalakihan, mga dakilang lalaki, mahahalagang lalaking nagsisikap na ipangaral ang Salita ng Diyos na hawak-hawak nila sa pamamagitan ng isang tradisyong gawa ng tao: nagbabawas dito, at nagbabawas do'n, at ginagawang ganito, at "Magsisapi kayo sa iglesia at magpalit kayo ng pagkakaanib," at nangangamatay sila sa espirituwal na hawak-hawak ang Salita. Kita n'yo?

55 Hindi nila mapaniwalaan ang mensahero ng Diyos o ang Kaniyang mensahe sa araw na iyon. Hindi nila maunawaan kung bakit hindi makagawa ang Diyos kasama ng isang buong lupon ng mga tao, at iniatang na lang ito sa isang tao.

56 Gaano karami sa kanila ang nakausap ko ngayong araw, "Aong gagawin namin, Brother Branham? Alam naming tama ka, ngunit anong gagawin namin? Itatakwik kami ng organisasyon, wala kaming mapupuntahan." Nalulungkot ako para sa kanila; ngunit mayroong lugar. Sasabihin mo, "Aba'y, mamamatay kami sa gutom."

57 Ang sabi ni David, "Dating bata ako, at ngayon ako'y matanda na, hindi ko nakitang pinabayaan ang matuwid o ang namalimos man ng tinapay ang kaniyang supling."

58 Sa ganiyang dahilan din nila tinanggihan si Jesus. Masyado na silang nahumaling sa kanilang denominasyon, at mga banal na pari at banal na mga gusali, at banal na mga simbahan at banal na mga templo, na hindi nila nakita ang Diyos sa Kaniyang templong tao. A-ha. "Ikaw na isang tao, ginagawa mong Diyos ang iyong sarili." Kita n'yo, masyado na silang nahumaling do'n. Humaling na humaling ang mga kalalakihang ito na si Dathan at mga kasama ay tama. Nahumaling nang husto si Nimrod na makagagawa siya ng isang bagay na makapag-aangat sa mga tao sag alit ng Diyos. Tiyak si Adan na kapag tinakpan niya ang kaniyang kahubaran, hindi na ito makikita ng Diyos. Hindi mo ito maaaring takpan; ang Diyos ang kailangang magtakip nito. Kita n'yo, kita n'yo? Ang programa ng Diyos ang nagtatakip nito, hindi ang sa inyo. Palagi na lang gayon. Hindi nila nakita si Jesus sa Kaniyang templo, ang Diyos na naihayag sa laman.

59 Sa araw na ito medyo sumasama ang loob ko kapag nakikita kong labis na binabawasan ng mga tradisyon ang mga Salita ng Biblia. At ang mga taong may tapat na puso na tumatayo roon at dumirinig ng Salitang iyon, at alam nilang Ito ang katotohanan, ngunit hindi sila makapangahas na kumilos, sapagkat iba ang itinituro ng kanilang tradisyon. E di maghugas kayo ng mga kaldero't kawali, mga kapatid; humayo kayo. Ngunit para sa amin, at sa akin at aking sambahayan, tinatanggap namin ang Salita ng Diyos. Kita n'yo?

60 Talakayin natin sandali ang Juan 3, si Nicodemo, isang guro at pinuno ng isang malaking denominasyong kung tawagin ay Sanhedrin. Nagbuklod-buklod sila, at gumawa sila ng kanilang mga tradisyon. Ang isa ay sa mga Fariseo at ang isa namana ay sa mga Saduceo, at nagkaroon din sila ng kanilang denominasyon noon, ng kanilang pagkakaiba-iba, at kaya nga sila'y . . . Ang lalaking ito ay isang guro, isang pinuno ng dakilang Sanhedrin na ito, isang kahanga-hangang lalaki sa pagtuturo. Kabisado niya ang mga Kasulatan; 'yun ang akala niya. Alam niya iyon sa pamamagitan ng kanilang tradisyon. Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Inyong winawalang kabuluhan ang mga utos ng Diyos, sa pamamagitan ng inyong tradisyon"? Kita n'yo, dahil sa kanilang mga tradisyon . . .

61 Ano iyon? Inilalagay nila ang kanilang sariling interpretasyon sa Salita sa halip na hayaan na lang ang sinasabi Nito. Sinasabi nilang hindi ganito ang ibig sabihin nito. Napansin n'yo ba, na ang tinig ding iyon ang ginamit ng diablo kay Eva upang pasimulan ang unang organisasyon. Kita n'yo? "Tiyak ngang magiging ganito. Hindi iyon gagawin ng Diyos, alam mo." Kita n'yo, pareho rin. Gayon din sa araw na ito.

62 Ngayon, mapapansin nating lumapit ang pinunong ito kay Jesus. Una . . . Ngayon, lumapit siya na naghahanap ng Buhay na Walang Hanggan; lumapit siya na naghahanap ng kaligtasan. Gayun pa man, isang lalaking nasa gayong katayuan, isang guro sa Israel, ngunit lumapit sa isang Lalaking walang talang pumasok ng isang araw man lang sa iskuwelahan. Isang may edad nang lalaki, may edad nang saserdote, paham, ang lumapit sa isang bata pang Lalaki. Aristokrato ang mga iyon, isang mayamang lalaki ang lumapit sa isang Pulubing walang mahiligan ng ulo upang magtanong sa kaniya ng daan sa kaligtasan at Buhay.

Unang-una, silang mga taga Sanhedrin, tulad ng inilahad ni Nicodemo, nakakita sila ng isang bagay kay Jesus na hindi taglay ng ibang mga lalaking kasapi ng kanilang organisasyon. Nakita nilang may kung anong bagay na nasa Kaniya, dahil ang sabi niya, "Rabi, nalalaman naming Ikaw ay . . ." "Aming," siya nga, ayaw nilang maghayag ng gayon, sapagkat sisipain sila. Kita n'yo? "Nalalaman naming isa Kang Gurong nagmula sa Diyos, sapagkat

inulit ito ng Diyos mula sa langit. Ano ang salin ng ika-4 na talata? Anong ibig sabihin nito? Ang tinig ng Diyos ay nangungusap sa Kaniyang itinalagang bayan, nagsasabing, "Magsilabas kayo sa kaniya," katulad na katulad ng sinasabi ng tinig. May mga tao Siya na naroroon, nakakalat sa Babilonya. Magsilabas kayo kaniya, nang di kayo makabahagi ng kaniyang mga kasalanan (Opo.), mula sa dogma at mga kredong iyan tungo sa Salitang ginawang Espiritu at Buhay. Amen.

220 Pansinin, ang ika-19 kabanata ang kasunod, "Pagkatapos ng mga bagay na ito . . ." Napansin n'yo ba dito sa ika-19 na kabanata, "Pagkatapos ng mga bagay na ito . . ."? Masdan n'yo ang ano? Pagkatapos ng ano? Pagkatapos ng mensahe ng magsilabas kayo sa kaniya. Matapos ang mga bagay na ito (Masdan.) ay ang sigaw ng mga Nobyang banal kasama ang Nobyo, patungo sa kasalan ng Kordero. Gaano na tayo kalapit kung gayon, kapatid? Ano ang huling panawagan? Lumabas kayo sa Babilonya.

221 Ngayon, mga kapatid ko, iyan ang dahilan kaya laban ako dtto; hindi ito ayon sa Kasulatan. Hindi ito ayon sa nakaugalian. Napatunayang ito ay mali. Wala roon ang Diyos; wala Siya roon kailan man; hindi Siya mapaparoon kailan man. Ngayon, hindi ko sinasabing walang mga tao sa mga organisasyong ito na bumubuo sa iglesia. Ngunit habang nanantili ka sa sistemang iyan, bahagi ka nito.

222 Kung ako'y mananatili sa Estados Unidos, isa akong Amerikano. Habang ako'y isang mamamayan o isang miyembro ng Estados Unidos, bahagi ako nito. Kung ako ay pupunta ng Alemanya at itatanggi ang aking pagiging miyembro o ang aking pagkamamamayan, aalisin ko ang pagkamamamayan ko sa Alemanya, hindi na ako Amerikano; isa na akong Aleman. Kung pupunta ako sa Japan, o kung saan man, sa Russia, magiging isa akong mamamayan do'n.

223 At kapag sumapi ka sa isang mama—isang sistema at naging mamamayan ng sistemang iyon, ipinapakita mo kung ano ka. At sa huling mga araw na ito, tinatawag ng Diyos ang mga tao palabas do'n. Iyan ang sabi ng Biblia: "Magsilabas kayo sa kaniya, upang huwag kayong maging mga kabahagi niya, at kayo ay tatanggapin Ko, at magiging Diyos n'yo Ako." Kita n'yo?

224 Iyan ang dahilan kaya nangusap ako laban sa simbahan, sa—sa lodge. Hindi ko ito matawag na simbahan. Iisa lamang ang iglesia; iyon ay ang Iglesia ng Katawan ni Cristo. Ngunit ang mga lodge na ito na tinatawag na simbahan, ayon sa aking Biblia ay mga mapamusong na pangalan, lahat sila, lahat ng organisasyon. Ano ang kanilang pinupusong? Ang "pamumusong" ay "pagsalungat," o, "pangungusap ng laban." Kapag sinabi ng Diyos, "Dumito ka at magpasilang," sasabihin naman nilang, "Halika't sumapi." Kita

walang alam ang kuneho tungkol sa sapatos na pangyelo. Tama. Iyan lang (Kita n'yo?), ang tanging alam nila ay karunungang makapaglalagay ng ganito at doon ay makagagawa ng ganiyan. Ngunit pag dating sa pagkakakilala sa Kaniya? Aha. Oo, nakulong siya sa kaniyang hawla kasama ng kaniyang mga dogma. Ang mga Protestanteng simbahan ay nagpasimula rin nang gayon at naging mga anak na babae niya, dahil sa pagtanngi sa Salita ng Diyos. Iyon ang ginagawa niya. Itinatanggi niya ang Salita. At kapag tumanggap ka ng isang bagay sa halip ng Salita, itinatanggi mo rin Ito. At kapag sumapi ka sa isa sa kanila, itinanggi mo rin ang Salita. Ayaw ng Diyos na magkaganiyan ka, walang lugar iyan sa Kasulatan.

218 Pansinin, ito ang Anghel ng Liwanag. Alalahanin, ang huling Anghel, Anghel iyon sa kapanahunan ng iglesia sa Laodicea. Mensahero iyon ng Laodicea, at ito ang huling . . . Sapagkat ang kasunod na kasunod na kabanata ay ang ika-19 na kabanata, na siyang pagdating ng Nobya. At ito ay nasa Kasulatan, ang huling Anghel na dumating upang maghatid ng Liwanag bago dumating ang Nobya upang makipagtagpo kay Cristo. Iyon na ang kapanahunan ng Laodicea. Ano ba ang mensahero ng kapanahunan ng Laodicea? Tinatawag sila palabas ng Babilonya. Tignan n'yo. Nakulong ang mga iglesia sa kaniyang hawla kasama niya, sa pamamagitan ng kaniyang dogma, itinatanggi ang Salita at tinatanggap ang mga dogma. Ito ang anghel ng liwanag sa iglesiang Laodicea na tumanggi kay Cristo ay sa Kaniyang Salita kapalit ng dogma at nagpalabas sa Kaniya. At tumayo Siya sa pintuan na kumakatok, nagsisikap na makapasok. Kita n'yo? Itinakwil ng kapanahunan ng iglesia si Cristo, at si Cristo ang Salita, at ito'y tinanggihan, at Siya ay nasa labas. Ang tanging kapanahunan ng iglesia na si Cristo ay nasa labas, kumakatok, nagsisikap na makapasok. At ang Mensahe ng anghel na ito, ng mensaherong galing sa Diyos, ay nag-uulit ng kaniyang mensahe sa ibabaw ng lupa na magsilabas sa Babilonya; magsilabas sa mga organisasyon." Ang Banal na Espiritu sa araw na ito, ang manipestasyon ng Espiritu Santo ay ang Anghel na iyon na nagsisikap na magbalik sa mga tao sa Salita, 'pagkat ang Salita lamang ang ibibindika ng Espiritu Santo. Hindi Nito maaaring ibindika ang mga dogma; walang buhay sa mga ito. Siya ang Buhay. Pansinin, tinaggihan Siya ng kapanahunan ng iglesiang Laodicea, itinakwil Siya, at pinalabas.

219 Pansinin, ang Anghel na ito ang huling mensahero bago ang pagdating ni Cristo sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis. Ang tinig ng mensahero, kung mapapansin natin, nang ibigay niya ang kaniyang tinig sa ibabaw ng lupa, may isang tinig na nag-ulit nito sa langit: ika-4 na talata, kung nais n'yong basahin (Tama.), ika-4 na talata, sa ika-19 na kabanata. Ang mensaherong ito sa lupa ay nakahilig nang husto sa Diyos hanggang sa nang mangusap siya sa lupa,

walang taong makakagawa ng mga bagay na ito na Iyong ginagawa malibang sumasa Kaniya ang Diyos. Nalalaman namin iyan." Ay, naku. Organisasyon . . .

63 Ngayon, mapapansin natin na si Jesus ay isang manipestasyon ng Diyos. Ngayon, "Walang sinumang makagagawa ng mga bagay na ito malibang ang Diyos ay sumasakaniya." Alam nilang may bagay na kakaiba sa Lalaking iyon. Siya ang Liwanag ng araw na iyon. Siya ang Saksi ng Diyos.

64 Gayon din ang nakita ni Core kay Moises. Wala silang lalaki nung araw na iyon na tulad ni Moises. Siya ang Makalangit na saksi ng araw na iyon sa kapangyarihan ng Diyos. Nakita iyon ni Core at ng kaniyang grupo kay Moises. Naunawaan nilang hindi maaaring si Moises ang may gawa no'n. hindi magagawa ni Moises na magpabuka ng isang Red Sea. Hindi magagwa ni Moises na makapagpadala ng mga salot sa lupa. Ang Diyos iyon na kay Moises, at dahil ikinatawan ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa isang saksi o isang liwanag ng araw na iyon, hindi nila Ito nakita. Ninais ni Core na bumuo ng isang buong lupon ng mga kalalakihan, dala ang anumang bagay.

65 Diyan mahusay ang organisasyon: ang magdala ng bawat basurang naririyan at tawagin itong Cristianismo. Magsusugo ng isang lalaki sa iskuwelahan <u>that knows no more about God than a Hottentot would know about an Egyptian knight</u>, at pagkatapos ay isusugo siya roon at bibigyan ng edukasyon at tuturuan ng psuchology, at bibigyan ng Ph.D., at ng isang doctor's degree—o bachelor of art, o kung anumang tulad no'n, at isusugo siya upang mangaral ng Ebanghelyo, na hindi naliligtas, na tatanggi sa birheng kapanganakan at pagkabuhay na muli, tatanggi sa Makadiyon na pagpapagaling, tatanggi sa kapangyarihan ng Diyos, tatanggi sa iba pang mga Kasulatang kinasihan; at susubukang tumanggap ng isang tradisyon ng taong wala naman silang kamalayan at ito'y kanilang ihahayag. At kapag sinabi mo sa kanila ang Katotohanan at ipinakita mo sa kanila ang Katotohanan, nahihiya silang kumilos, dahil sa kanilang organisasyon.

66 Gayon din ang ginawa ni Core; nakita niya ang Diyos kay Moises; nakita niyang Kasangkapan iyon ng Diyos na kinikilusan Niya. At nakita ni Nicodemo ang Diyos kay Cristo, "Walang sinumang makagagawa ng mga bagay na ito malibang ang Diyos ay sumasakaniya." Nasa organisasyon si Nicodemo na nagsusubok na makalabas. Si Core naman ay nasa labas na nagsisikap na makabuo ng isa na kaniyang mapapasukan. Iyon ang kaibahan. Nagisiskap si Nicodemong makasumpong ng kaligtasan upang makalabas sa bagay na iyon; bata pa lang siya ay naroon na siya; suya na siya ro'n. nais niyang maligtas. Ngunit si Core ay nagsisikap na makagawa ng i—isang bagay kung saan ay maaari siyang maging sikat.

67 Ganyan din ang mga tao ngayon. Iyan ang problema sa Cristianismo; masyado tayong maraming mga manggagaya. At ang mga Pentecostal, ipagpaumanhin n'yo ang ekspresyon, ay may sangkatutak na ganito, mga carnal na panggagaya. Hayaan mong magpalitaw ang Diyos ng isang lalaki at bigyan siya ng isang bagay, at ang lahat na sa bansa ay susubok na gumaya sa taong iyon. Hindi n'yo ba napagtatanto na pinapatay n'yo ang sarili n'yong koponan?

Kapag naglalaro kayo ng football . . . "At ang karera," tulad ng pagkakasabi ni Pablo, "Ating takbuhin ang takbuhing ito nang may pagtitiis." Huwag n'yong agawin ang bola sa kamay ng may hawak ng bola; sikapin n'yong guwardiyahan siya. Ngunit sa halip niyan, dahil hindi siya kabilang sa inyong organisasyon, sinisikap n'yong agawin ito sa kaniya. Isang lalaking napakalampa, hindi niya kaya, natatalisod siya sa mga bulaklak na nasa isang carpet, pagkatapos ay susubukan niyang agawan ka. Tama. Ngayon, sa espirituwal na pangugngusap ang ibig kong sabihin. Pagpaumanhinan ninyo ako, ako'y . . . Buweno, natitisod siya sa maliliit na bagay tulad ng Mga Gawa 2:38; tiyak na matutumba siya. At sa kanila na natitisod sa Marcos 16, papaano siya makakapasa? Kita n'yo? Napakapayak na mga aralin nito tungkol kay Cristo. At ang bagay pa ring iyon na tinalakay sa Nicaea Council ang tumitisod sa kanila matapos ang maraming taon.

68 Sinisikap . . . Nagsisikap si Core na makabuo ng organisasyon upang kaniyang mapasukan. At si Nicodemo naman ay dati nang naroroon, na nagsisikap na makalabas. Si Nicodemo ay tinanggap at lumabas. Si Core ay napahamak sa kaniyang kaniyang pagsusumikap, napahamak siya sa sarili niyang pagsusumikap. Ay, naku.

69 Alam ng organisasyon na kinabibilangan ni Nicodemo na si Cristo ay sinugo ng Diyos; ito ang sabi niya. Si Nicodemo, dito sa ikatlong kabanata, inihayag niya ito, "Rabi, alam naming Ikaw ay isang Gurong nagmula sa Diyos, sapagkat walang sinumang makagagawa ng mga himalang ito na Iyong ginagawa malibang ang Diyos ay sumasakaniya." At ang grupong ding iyon, dahil sa organisasyon, ay tinawag Siyang Belzebub, dahil sa Kaniyang kapangyarihang magpalayas ng mga demonyo, at ang sabi nila, "Dinadaya Niya ang ating bayan sa pamamagitan ng Kaniyang doktrian." Gano'n din sa araw na ito. Anong dinadaya?

70 Ang sabi ni Jesus, "Ang nakalulugod lamang sa Ama ang Aking ginagawa. Ang mga Salita lamang ng Diyos ang tinutupad ko," sapagkat Siya ang Salita. Wala na Siyang iba pang maaaring gawin kundi ang Salita.

71 Ngunit dahil sa kanilang organisasyon, dahil sa kanilang gawi nagapos nila ang mga tao . . . Sa kanilang mga puso alam nila ito, ngunit ayaw ng

214 Ngayon, kung wala kang buhok, at gusto mong magpeluka, ayos lang iyon, ngunit ang isuot mo ang 'yung mukhang tao. At kung wala kang mga kuko, at gusto mong magkaroon ng mga kuko, huwag kang kukuha ng parang mga balat ng navy bean, kumuha ka ng mga tuanay na kuko. Kung wala ka ng alin man sa mga bagay na ito, ayos lang. Kung wala kang ngipin, kumuha ka ng mga ngipin kung gumagawa sila, kumuha ka. Ngunit huwag mong bubunutin ang mga ngiping ibinigay sa iyo ng Diyos dahil lang medyo baluktot, at mahuhusay na ngipin ang mga iyon para palitan. Huwag mong kukulayan ang iyong buhok, o anuman, pagkatapos ay magmukha kang isang bagay na inahon sa kung saang putikan. Huwag . . . Kung maputla ka, at nais mong magmukhang may kulay ka, ayos lang iyon, sa wari ko. Ngunit huwag kang magmukhang Jesabel, tulad sa isang kamalig na pinipinturahan.

215 At kayong mga kapatid na lalaking Pentecosta, na nagpapahintulot sa mga kababaihan na maggupit ng kanilang buhok, samantalang ang sabi ng Biblia ay kaluwalhatian niya ito. At ni hindi karaniwan na manalangin siya nang gayon ang kaniyang buhok. Pagkatapos hinahayaan n'yo siyang tumayo sa pulpito at mangaral ng Ebanghelyo, umawit sa choir, magturo ng Sunday school. Mahiya kayo. Dapat kayong mahiya sa inyong sarili.

Bakit ako laban sa organisasyon? Palagay n'yo ba ay lulugurin ko ang isang bagay na tulad niyan? Alam ko ang dahilan kung bakit ginagawa mo iyon, kapatid. Alam mo ang mabuti, ngunit kung magtuturo ka ng laban do'n, ikaw ay dadalhin sa punong himpilan, at ikaw ay kanilang ititiwalag. Pagpain ka ng Diyos sa iyong tapang kung gagawin mo iyon. Tama. Opo. Pararangalan ka ng Diyos.

216 Anong sinabi ng anghel, "Magsilabas kayo sa kaniya." Opo. Ang anghel na ito ay pumarito sa lupa, at dumating siya upang ihatid ang liwanag, at pinasilay niya ang Liwanag sa buong mundo. Isa siyang makapangyarihang anghel. At dumating siya upang iproklama ang mensahe ng "Magsilabas kayo sa kaniya." Opo. Ang anghel na ito ay dumating sa lupa, at dumating siya upang ihatid ang Liwanag, at pinasilay niya ng Liwanag sa buong mundo. Isa siyang makapangyarihang anghel. At dumating siya upang iproklama ang mensaheng "Magsilabas kayo sa Babilonya. Huwag kayong humipo sa kaniyang maruruming bagay."

217 Mayroon siyang hawlang punung-puno nito, ang sabi, "Siya ang kulungan ng bawat karumaldumal na mga ibon." Siya nga, may hawla na siyang punung-puno nito ngayon; sila'y nagsasama-sama. Naging isa siyang hawla, tama, puno ng mga karumaldumal na ibon. Tama. Subukan mong makipag-usap sa isa sa kanila minsan; subukan mo lang, aba e, matalino sa karunungan ng sanlibutan, ngunit walang alam tungkol sa Diyos tulad din naman na

suklam . . . Umaasa akong hindi ako nakasasakit; umaasa akong mabuti ang aking ginagawa. Kasuklam-suklam, maruruming ibon, kinulong niya ang mga ito.

210 Alalahanin, ang Diyos ay isang Agila. Tinawag Niyang agila ang Kaniyang Sarili. At tinawag Niyang agila si Jacob. At tayo ay mga mumunting agila Niya. Amen. Tinatawag Niyang mga agila ang Kaniyang mga propeta. At ang agilang ito ay bumaba upang maghayag at tumawag.

211 Tulad ng mensahe ko tungkol sa "The Eagle Stirs Her Nest . . . Ang munting agilang iyon ay pasusunod-sunod sa inahing manok na iyon sa paligid ng bakuran, paputak-putak, ngunit di niya makain ang bagay na iyon na mayroon siya: sosyalan, at mga babaeng nakapintura ang mukha, maiiksi ang buhok, at nakashorts. At niya iyon magawa. Ngunit wala siyang ibang nalalaman kundi ang pagputak ng inahing iyon. Ngunit isang araw natagpuan siya ng inang agila. Sumigaw siya, tinawag siya, ang sabi, "Anak, hindi ka kabilang sa kanila. Lumabas ka sa kaniya."

212 Ang sabi niya, "Inay, anong maaaring kong gawin?"

Ang sabi niya, "Ipagaspas mo ang iyong mga pakpak at mag-umpisa ka." Sa una niyang paglundag nakadapo siya sa isang poste, sa kalagitnaan ng isang organisasyon.

Ang sabi niya, "Anak, kakailanganin mong pumanik ng mas mataas pa riyan kung hindi ay hindi kita masasalo. Kinakailangang iangat mo ang iyong mga paa sa lupa." Paliliparin niya siya. Nadikubre niyang kaya niyang lumipad. Dumating siya upang palabasin siya. Tama.

213 Ngunit ang Inang Babiloniang ito ay nakahuli ng isang lupon ng mga manok: mga tusong manok, pinturado, maiiksi ang buhok, nag-aangking mga Cristiano. May hawla siyang punong-puno ng mga ito. Kayong mga mangangaral na tumatayo sa pulpito at nagpapalampas sa mga babae sa paggawa ng mga iyon, mahiya kayo, para lang maparami n'yo ang inyong denominasyon. Sisingilin iyan ng Diyos sa inyong kamay. Magsilabas kayo. "Dinirinig na Aking mga tupa ang Aking Tinig." Isang hawla ng kasuklam-suklam, mga palalo, mayayabang, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa DIyos, mas gusto pang matulad sa sanlibutan kaysa matulad kay Cristo. Kapag nakakita ka ng isang babaeng punong-puno ng make-up, nagpapakita lang ito na hungkag siya sa kaniyang kalooban. Huwad siya sa kalooban. Tama nga iyan. Kung ang babae . . . Nakakita ako ng isa nung isang araw na may kulay berdeng buhok (Tama.), may pahid na berde sa kaniyang mga mata.

organisasyong tuparin nila ito. At upang makaiwas at mapigilan ang mga tao sa pag-alis sa organisasyon ("hinahabol Siya ng lahat ng tao"), upang mapigilan ang mga tao sa pag-alis sa organisasyon at pagsunod sa Katotohanan ng Diyos (at Siya ang Katotohanan: "Ako ang Katotohanan, ang Ilaw"), upang mapigilan sila sa pagsunod Do'n, sinabi nilang dinadaya Niya ang mga tao. Isipin n'yo ito. Isang lalaki, na sa kaniyang puso ay nalalamang Siya ay Diyos, na ang sumasakaniya ang Diyos (Walang sinumang makapagsasabi ng mga bagay na ito o makagagawa ng mga bagay na ito malibang ang Diyos ay sumasakaniya."), alam at sinasabi niya iyon, at inihayag iyon, at pagkatapos ay babaliktad siya at tatawagin Siyang Belzebub, at isang manlilinlang ng mga tao, ng kanilang mga tao, sa pamamagitan ng Kaniyang dokrina . . . Ay, naku.

72 Alam ni Nicodemo na isa Siyang Propeta. Ngayon, isa iyon sa oraganisasyon na nagmahal nang sapat sa Diyos at natakot nang sapat sa Diyos, at kumilala sa pamamagitan ng Lumang Tipan na tinaglay ng Lalaking ito ang mga kuwalipikasyon at binindika Siya bilang isang Propetang nagbuhay sa Diyos. Ang lalaking iyon, pinaparangalan ko kung lumapit man siya ng gabi, nakarating siya ro'n. Higit na mainam siya kaysa sa marami nating mga guro sa araw na ito; hinding-hindi sila lalapit. Si Nicodemo sa kahuli-hulihan ay dumating din. Kaya huwag n'yo siyang kundinahin, kung hindi pa kayo nakalalapit.

73 Alam ni Nicodemong isa Siyang Propeta, kaya't natakot siya sa Diyos. Hindi niya hinayaang makalayo sa kaniya ang Lalaking iyon, ang Liwanag ng araw na iyon. Gaano man Iyon kakasalungat, gaano man sinasabi ng kaniyang organisasyon na Iyon ay salungat, nakita niyang binindika ng Diyos ang Lalaking iyon, at alam niayang isa Siyang Propeta. At kung isa Siyang Propeta, ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta, at alam Niya kung anong sinasabi Niya. Kita n'yo? Kaya't nagtungo siya kay Jesus; nais niyang malaman kung papaanong makatanggap ng kaligtasan. At ang Propetang ito, ang Salita ng Diyos ay nasa sa Kaniya, at alam Niya ang daan ng kaligtasan.

73 Ngunit ang dapat sanang natutunan ni Nicodemo ay ang dapat din sanang matutunan ng mga denominasyong ito. Higit pa Siya sa isang Propeta. Lumapit siya sa Kaniya, upang masabi sa kaniya and daan sa Buhay, at si Jesus mismo ay Buhay. Ang sinumang kinaroroonan ng Anak ay may buhay. Kaya hindi niya—hindi siya dapat lumapit upang subukang matutunan ang isang katuruan; kaialangan niyang lumapit upang tanggapin ang Persona. Ganiyan nga sa gabing ito. Ang Punong Panulok na Bato ay muli na namang tinanggihan. Ano ba ang Punong Panulok na Bato? Ito'y ang Salita, wala nang iba. Si Cristo, Siya ang Salita.

74 Kinailangan niyang matutunan ang isang bagay. Naisip niya, "Buweno, ngayon, ang Lalaking ito ay isang Propeta; isa lamang Siyang Propeta."

75 Kaya nga napansin n'yo ba, hindi sinagot ni Jesus ang tanong na ito; sinaway Niya lang siya sa kaniyang pagkabulag. Kita n'yo? Higit Siya sa isang Propeta, Siya ang Salita at ang nagliliwanag na Ilaw ng Salita. Sa unang kabanata ng I Juan . . . Unang kabanata ng San Juan, ang ibig kong sabihin, ang sabi, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Slaita ay nahayag sa laman at tumahan sa ating kalagitnaan." At narito ang Salita ng Diyos na nagliliwanag sa maliit at mahinang pangangatawan ng isang Lalaki, at binulag Nito ang organisasyon. ngunit dumating Siya upang kumuha ng mga individual. Higit Siya sa isang Propeta, Siya ang Salita. Siya ay Buhay. Hindi . . . Hindi Niya kailangang turuan kayo tungkol sa isang buhay na paparating; Siya mismo ang Buhay. Siya ang Buhay. Siya ang Liwanag. Siya ang Buhay. Siya ang Buhay na Walang Hanggan, ito ay nasa sa Kaniya, at Sliya lamang ang tagapagbigay ng Buhay na Walang Hanggan. Ang kinaroroonan ng Anak ay may Buhay. Kaya't—hindi sapat na ang Katuruan lamang ng Salita tungkol sa Kaniya ang taglay mo; kailangang taglayin mo Siya.

76 Sasabihin mo, "Oh, ang mga tao ay umuupo at pinag-aaralan ang Bibliang iyan at lahat ng mga salitang Griego, at kung anong mga kahulugan nito, at ang mga pagbabantas at iba pa." Pagkatapos hindi pa rin nila nakikilala ang Diyos. Kita n'yo? Hindi. Ang may taglay—ang may tag—taglay ba ng anyo, ang may taglay ng plano? Ang kinaroroonan ng Anak, ang may taglay sa Kaniya, ang Persona, siya ang may Buhay.

77 Alam ni Nicodemong nalalaman Niya ang tungkol sa Buhay, ngunit hindi niya alam na Siya ang Buhay na Walang Hanggan. Iyon ang Lalaking kausap niya, ang Mensahero, ang Liwanag ng araw na iyon, ang Liwanag ng sanlibutan, "Ang Ilaw ay lumiliwanag sa kadiliman at hindi ito napag-uunawa ng kadiliman. Siya ay isinugo sa ganang Kaniya at hindi Siya tinanggap ng ganang Kaniya." Bakit? Bakit? Dahil masyado na silang naorganisa, nasanay sa paghuhugas ng mga palyok at kawale, at sa mga tradisyon, na hindi nila nakita ang Salitang nagkatawang tao.

78 Naulit na naman ito. Muli na naman itong naulit. Ang kasaysayan ay nagpapaulit-ulit lamang tuwing lumalaon ang panahon. Siya nga, alam niyang taglay Niya—nalalaman Niya ang tungkol sa Buhay, ngunit hindi alam ni Nicodemo na Siya ang Buhay. Ganiyan din ngayon. Ginagawa ng napakaraming tao na, oh, isang dakilang Guro si Jesus; sinasabi pa nga nilang isa Siyang Propeta. Ngunit kapag sinabi mong Siya ay Diyos, sobra na iyon.

. . . pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nanaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian.

At siya'y sumigaw ng malakas na tinig, . . . ang dakilang Babilonia . . . (kalituhan) . . . at naging tahanan ng mga demonio, . . . kanlungan ng bawat espiritung karumaldumal, at kulungan ng bawat karumaldumal at kasuklamsuklam na mga ibon.

Sapagkat dahil sa alak ng galit ng kaniyang pakikiapid ay nangaguho ang lahat ng mga bansa; at ang mga hari sa lupa ay . . . nangakiapid sa kaniya, at ang mga mangangalakal sa lupa ay nagsiyaman dahil sa kapangyarihan ng kanyang kalayawan.

207 Tignan n'yo, pagkatapos na pagkatapos na maihayag ang kaniyang hiwaga, kung sino siya, kung ano siya, kung sino ang mga anak niya, ang hiwaga ay naipaalam, nang magkagayon ay nagsugo ang Diyos ng isang anghel, isang mensahero upang ano? Palabasin. "Magsilabas kayo . . ." ang Mensahe ng panahon.

"Magsilabas kayo sa kanya, bayan ko, upang huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot . . .

Susumpain Niya siya. Masdan n'yo.

208 "Magsilabas kayo sa kaniya." Nagsugo ang Diyos ng—isang makapangyarihang anghel, o, ng isang mensahero. At ang Liwanag niya ay hindi nasa isang sulok; nagkalat na Ito sa buong mundo. "Magsilabas kayo sa kaniya." Ano? Sa Siya, at pati na sa kanyang mga kapatid . . . Upang pagliwanagin ang lupa at tawagin mula sa kaniya ang Kaniyang bayan . . . Ngayon, alam n'yong iyan ang Katotohanan. Isang Mensahero ang isinugo mula sa langit upang tawagin ang bayan ng Diyos palabas ng Babilonia. At pinagliwanag ng kaniyang Ilaw ang mundo, ang dakilang Espiritu Santo.

209 Pansinin n'yo, ang sabi ng isan siyang kulungan, at nakahuli ng mga kasuklamsuklam at karumaldumal na mga ibon, hindi mga agila ha: hindi, hindi, hindi, hindi: mga buwitre. . Marurumi at kasuklam-suklam na mga ibon, iyan ang nakapalibot sa kaniya. Siya sy isang kulungang puno ng mga ito, isang buong kulungang puno ng ano? "Mga mapamusong na pangalan," salungat sa Kasulatan. Ang sabi ng II Timoteo 3, ang Espiritu Santo ang nangungusap, "Sa huling mga araw sila ay lalayo sa pananampalataya at makikinig sa mga mapang-akit na espiritu." Sinabi rin nito, ang Espiritu Santo ay nangusap na sa huling mga araw sila ay magiging mayayabang, mga mapagmalaki, kasuklam-suklam: "Purihin ang Dyos, kasapi ka namin, kung wala ang pangalan mo sa aming aklat, ikaw ay hindi ligtas." Kasuklam-

gugugulin natin, at maaaring mangahulugan ito ng kung ano sa inyo. Umaasa akong magkakagayon nga.

203 Ngayon, makikita natin sa ika-17 kabanata, sa ika-5 talata.

. . . *sa kaniyang noo ay nakasulat ang isang pangalan, HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, INA NGA MGA PATUTOT AT NG MGA KASUKLAMSUKLAM SA LUPA.*

At masdan n'yo.

At nakita ko ang babae . . . (iglesia) . . . *na lasing sa dugo ng mga banal, at sa dugo ng gma martir ni Jesus: . . . nagn aking makita siya ay nanggilalas ako ng malaking panggigilalas.*

204 Kita n'yo, pagkakita sa kaniya, napakaganda niya. At siya ang ina nga mga patutot, relihiyong patutot, mga denominasyon, katulad na katulad din ng ginawa niya (Kita n'yo), 'pagkat nagdagdag sila ng mga dogma tulad din ng ginawa niya. Ngayon pansinin n'yo, tignan n'yo ang Apicaplipsis, iyon ay sa ika-17 kabanata, nagtatapos ito sa ika-18 talata.

205 Ngayon, masdan.

. . . *pagkatapos ng mga bagay na ito,* . . . (matapos na mahayag ang kaniyang hiwaga) . . . *pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nanaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan;* . . .

Ngayon, narito ang isa pang mensaherong nananaog, sa sumusunod na kabanata, ang kaniyang hiwaga ay nahayag na. ngayon, ito na ang paghahayag ng kaniyang hiwaga at ng kaniyang mga anak. Kita n'yo, ganap na nating nauunawaan ngayon kung bakit siya naging isang patutot: sapagkat nangalunya siya laban sa Salita ng Diyos. Iyan ang dahilan kaya siya naging isang organisasyon. Hindi siya maaaring makapanatiling isang iglesiang nakasalig sa Biblia pagkatapos ay tatanggapin niya ang gayon. At hindi rin maaari na ang anumang organisasyong hindi tumatanggap sa bawat Salita Nito (Kung paano itong isinulat) ay maging isang iglesiang nakasalig sa Biblia. At walang gano'n sa kanila, sa aking nalalaman, walang isa man. Kaya (Kita n'yo?), pagkatapos na pagkatapos niyang iorganisa ang mga bagay na ginagawa niya (kapuwa sa Kasulatan at ebidensiya), namamatay siya ro'n kaagad; tinatanggap niya ang dogma. Ngayon, tignan n'yo ngayon, iyan ang nangyari.

206 Nagsugo ang Diyos (sa ika-18 kabanata) ng isang malakas na anghel matapos na maipaalam ang hiwagang iyon, isang malakas na anghel, o, isang mensahero. Masdan n'yo ito.

Kita n'yo? Ngunit Siya nga ay Diyos noon, at Siya ay Diyos, at mananatiling Diyos. Iyon lang. Tama.

79 Pansinin, hindi Niya sinabi kay Nicodemo, nang lumapit siya sa Kaniya, hindi Niya sinabing, "Ngayon, Nicodemo, malaki ang respeto Ko sa iyo, na ikaw ay isang guro sa Israel. Sasabihin ko sa iyo; naghahanap ka ng Buhay na Walang Hanggan, marahil ay kailangan mong pinuhin ang iyong karunungan. Hindi tama ang bigkas mo sa iyong mga salita" (Walang kabuluhan.), "o marahil ay kailangan mong maghanap ng mas mataas na katungkulan sa iyong denominasyon upang magkaroon ka ng Buhay na Walang Hanggan."

80 Iyan ang sinisikap na gawin ng maraming tao sa araw na ito (A-ha.), isang mas mataas na katungkulan, nais nilang malipat sa pagiging pastor tungo sa pagiging presbyter, o isang ibispo o kung anumang tulad no'n. Walang anumang kinalaman iyan sa Diyos.

81 Masdan n'yo kung anong ginawa Niya sa harap ng gayong tao. Sinaway Niya siya sa di niya pagkaalam ng oras na kaniyang kinabubuhayan; "Ibig mong sabihin, ikaw na isang guro sa Israel ay hindi nakauunawa ng mga bagay na ito?" nang sabihin Niyang ang isang tao ay kinakailangang isilang na muli.

82 "Aba'y," aniya, "ako na matanda na, papasok sa sinapupunan ng aking ina?"

Ang sabi Niya, "At isa kang Obispo, isang cardinal, isang state presbyter sa simbahang Pentecostal," o kung anupaman, "isang dakilang tao sa organisasyon, pagkatapos ay hindi mo alam ang Kasulatan?"

83 "Oh, mayroon kaming Moises."

84 "Kung nakilala n'yo si Moises, sana'y nakilala n'yo Ako, sapagakat siya ang nangusap tugkol sa Akin." Kita n'yo? Ngunit hindi ayon sa kanilang mga tradisyon, sa kanilang mga organisasyon, iba iyon. Ngunit si Moises ay nangusap nga tungkol sa Kaniya, at Siya ang Isang iyon na ipinangusap ni Moises, ngunit hindi pa rin nila nakilala. Bakit? Masyado na nilang ginapos ang kanilang mga sarili ng mga tradisyon; hindi nila iyon nakilala.

85 At mga kapatid kong nagbabasa, na kumukuha ng tape, huwag n'yo itong ihinto ngayon. Sandali lang. Tignan nating ang bagay na ito nang mukhaan. Mahal ko kayo; kayo'y pastol. At hindi ako nag-aastang alam ko ang lahat. Kung ganiyang ang impresyong nagagawa ko, kung gayon ay ihinto n'yo ang tape at ipanalangin n'yo ako. Sinisikap ko lang na maparating sa inyo ang isang bagay na totoo. Huwah ninyong hayaang lumampas ito sa inyo.

86 Ngayon, inirerespeto ko ang kalagayan ng mga tao, at iba pa; ngunit kapag bumubuo na kayo ng mga organisasyong ito . . . Tignan n'yo ang mga

Fariseo, wala silang pakialam sa mga Saduceo, sapagkat ang mga Saduceo ay hindi naniniwala sa anghel man o sa espiritu, o sa pagkabuhay na muli, at ang mga Fariseo naman ay mayroon ng dalawang ito, at sila ay nagtutunggali. Ngayon, ang mga oneness ay naniniwala sa isang bagay; iba naman ang paniwala ng tirinity, at iba rin ang sa Methodist, at gayon din ang Presbyterian, at naghihiwa-hiwalay kayo. At anong napala n'yo? Ang pagkakahiwa-hiwalay ng pagkakapatiran. Siya nga pala, masusumpungan natin ang dakong iyon sa Biblia sa loob lamang ng isang sandali, kung ano ba iyon, at kung ano ba ito ayon sa Diyos.

87 Ngayon. Hindi, hindi Niya siya sinabihang magpakapino pa. Sinaway Niya lang siya dahil sa di pagkaalam ng katotohan. "Hindi ba't isa kang guro sa Israel pagkatapos ay hindi mo nalalaman ang mga bagay na ito? Kung nagsabi Ako sa iyo ng mga makalupang bagay pagkatapos ay hindi mo maunawaan . . ." Isipin n'yo. "Isang gutro, isang may mataas na katungkulan sa isang orthodox church, ibispo, cardinal, pagkatapos ay di mo man lang maintindihan ang simpleng anyo ng mga natural na bagay na sinasabi Ko sa iyo, papaano mong maiintindihan ang mga espirituwal na bagay mula sa langit?"

88 Ngunit ang isang ignoranteng mangngisdang hindi man lang makasulat ng kaniyang pangalan ay nakaunawa Nito (Kita n'yo?), at ginawang pinuno ng iglesia sa Jerusalem: si Pedro. Kita n'yo? Oh, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, ay lalapit." Kita n'yo? Nakikita nila ito. sinasampalatayanan nila. Tinutupad nila ito, dahil nalalaman nilang walang makapipigil sa kanila.

89 Tulad din ng magsasakang . . . Hindi kaaya-ayang magbiro, ngunit para lang makapaglarawan. Ang sabi nila pinaglimlim daw ng isang magsasaka ang isang inahing manok, at kulang ang kaniyang mga itlog, kaya't naglagay siya ng itlog ng bibi upang malimliman nito. Nang mapisa ang munting bibi, siya ang pinakanakatatawang bagay na nakita ng mga manok. Ang mukha niya ay mahaba at nakakatawa, at siya nagkwak-kwak imbes na pumutak, at—at ang mga manok ay nagsisikain at nagkukutkot sa kamaligan.

90 At hindi naman talaga iyon ang kaniyang pagkain. Kaya isang araw pinangunahan sila ng inahin sa likuran ng kamalig upang manghuli ng mga tipaklong, at sa likod ng burol ay may isang lawa. At nagkataong umihip ang hangin mula sa lawa, at nalanghap niya ang amoy ng tubig. Iyon ang kaniyang kalikasan. Ang sabi ng inahing manok, "Cluck, cluck, cluck, cluck, magbalik ka." Ang sabi niya, "Quack, quack, quack," tuloy-tuloy siya sa tubig. Bakit? Bibi siya sa pasimula pa lamang. Gaaano man pumutak ang inahing manok, bibi pa rin siya.

tumitingin kayo sa gayong mga bagay?" Ngayon, tignan n'yo ang karunungan.

198 Ngunit mas may alam ang Espiritu Santo. Masdan. Maaaring totoo iyon, ang ngalan ko ay maaaring mabaybay na may kabubuang anin na raan at anim na pu't anim, ngunit hindi ko natutugunan ang iba pang mga kuwalipikasyon. Hindi ako nakaupo sa burol. Hindi ko sinasabi ang mga bagay na ito. Hindi ako gobernador. Nakikita n'yo ba? Tama. Iyan ang Kaniyang sinasabi. Kaya ang makamundong karunungan n'yo ay napapasawalang kabuluhan po, (Tama.), sa Pressensiya ng Espiritu Santo. Hindi ko natutugunan ang iba pa, ngunit natutugunan niya. "Nakaupo sa templo ng Diyos, ipinapakita siya ay Diyos, at nakaupo siya sa pitong burol." Hindi ako nakaupo sa pitong burol, kung mabaybay man ang ngalan ko na anim na raan at anim na pu't anim. Hindi ko natutugunan ang iba pa, ngunit natutugunan niya. Kita n'yo, hayan na nga. Kita n'yo? Kaya alin ang umaasa sa Espiritu Santo, "Huwag n'yong isipin kung anong isasagot n'yo, sapagkat hindi kayo ang magsasalita; ang Ama."

199 Kaya papaanong maihahambing ang inyong karunungan at bagong kapanganakang galing sa itaas sa mga bagay na ito na nasa lupa, sa mga makapangyarihang madyikerong naririto? Aba, alam nila ang bawat liko at kanto. Papaanong nagawa ni Moises na makatayo nang sundin niya ang utos ng Diyos na ihagis ang kaniyang tungkod at naging ahas ito, at heto na ang mga madyikero at ginawa rin ang gayon? Ngunit nanahimik lang si Moises, dahil alam niyang sinunod niya ang Salita ng Diyos, at nilamon ng kaniyang ahas ang ibang mga ahas. Kita n'yo? Kaya't kapag sumunod kayo at na . . . Ano ang maaari niyang gawin nang pangunahan niya sila sa lupang pangako, at naroon ang Dagat na Pula na kumukulong sa kanila, ngunit ang landas ng Diyos ay tumagos do'n. Amen. Ang sabi, "Manahimik kayo at masdan n'yo ang Kaluwalhatian ng Diyos."

200 Kung ito ay nasa daan ng tungkulin ng pagsunod sa Salita, tumayo ka roon at masdan mo kung paanong bumukas ito. Amen. Limmpu't tatlong taon na ako, mga tatalumpu't tatlong taon na akong naglilingkod sa Kaniya, sana'y mayroon akong sampung milyong taon upang maglingkod sa Kaniya. Hindi ko pa Siya nakikitang nabigo, kapag ang ang Salita Niya ay sinusunod. Tama.

201 Ngayon ay tignan n'yo, pagkatapos na pagkatapos ng kaniyang kasalanan, ang mga lihim niya ay nalantad. Tinalakay na natin iyan dati pa; alam natin ito.

202 Ngayon, sa kasunod na kabanta, tignan n'yo ang Apocalipsis 18. Hayaan n'yong buksan ko iyon sadali. Marahil ay mabuti ito; ilang minuto lang ang

burak na iyon katulad na katulad ng sinabi sa kaniya ng propeta. Kita n'yo? Walang sinisino ang Diyos.

193 Pansinin, siya ang unang denominasyon. Tignan n'yo ang kaniyang mga anak na babae na gayon din ang ginawa, nagdagdag ng mga kredo at dogma sa halip ng Salita ng Diyos. Huwag n'yong sabihin sa akin; magpakita kayo sa akin ng isang hindi lihis Dito. Magpakita kayo sa akin ng isang pastor na tatanggap sa Katotohanan, na hindi itititiwalag, malibang sikat na sikat ka, alam n'yo na, kinakailangan nilang hawakan ka dahil sa iyong popularidad o kung anuman at ayos lang kung gayon.

194 Ngayon, tignan n'yo ang Apocalipsis 18 sa loob lamang ng ilang sandali, sa susunod na talata, sa susunod na kabanata, pagkatapos na siyasatin at ipakita ng Apocalipsis 17 ang hiwaga ng Gng. Babiloniang ito. Ipinapaliwanag ng ika-17 kabanata ng Apocalipsis na siya ay isang iglesia na nasa ibabaw ng pitong burol, ang Lungsod ng Vatican, na naghahari sa lahat ng mga hari ng lupa (Tama nga iyan talaga.), at ganun din sa mga pangulo, at iba pa. A-ha. Sapagkat . . . Ngunit naroroon siya, hawak-hawak ang kayamanan ng mundo sa kaniyang kamay. Ganiyan nga talaga. "Sinong makababaka sa kaniya?" Tama. Alam nating lahat iyan. Ngunit bakit kayo sasapi sa isang bagay na konektado sa kaniya? Ngayon, pansinin n'yo sa ika-18 kabanata, sa kasunod na kasunod na kabanata matapos na maipaliwanag ang kaniyan hiwaga. "Nakaupo sa templo ng Diyos."

195 Ngayon, dito nung nakaraan araw . . . Si Zella Braitman, narito ka ba ngayong gabi, Zella? Nagdala siya; nasa silid iyon ngayon, "Our Sunday Visitor," ang diyaryong Catolico. At sinagot ng pahayagang Catolico ang isang ministro. Ang sabi, "Sinabi mo ba, reverend, na ang . . . Sa mga numerong Romano na nasa Vatican, o nakasulat sa ulunan ng trono ng Papa ang Vicarius Filii Dei, na ang ibig sabihin, sa doon sa diyosesis ng Catolico, na iyon ang numero ng hayop sa Apocalipsis?"

196 "Aba," ang sabi niya, "tiyak ngang iyon. Eksaktong-eksakto, ang baybay ay kabuuang anim na raan at anim na pu't anim; eksakto iyon." At inamin ng diyosesis ng Roma na gano'n nga. Ngunit narito ang kanilang sagot, matalino, puno ng karunungan, ang sabi, "Ngunit, alam n'yo, ang inyong pangalan sa isang lengguwahe ay maaari ring mabaybay ng gayon."

197 Ang sabi ng lalaki, "Ang pangalan ko, halos gayon din sa ilang lengguwahe." Binaybay niya ito. Ang sabi pa, "Kita n'yo, halos anim na raan at anim na pu't anim din ako." Aniya, "Daan-daan ang mga ganiyan." Ang sabi, "Sa tuwing may lilitaw na kung ano, mayroong may anim na raan at anim na pu't anim." At sabi pa, "Reverend, alam mo ba na sa lengguwahe namin ang pangalan mo ay maaaring mabaybay na anticristo?" Ang sabi, "Bakit

91 At ganiyan din ang isang taong itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan. Kapag nakita niya ang Liwanag ng Diyos, walang sapat na mga organisasyon sa mundo ang makapagpapabalik pa sa kaniya. Wala. Bakit? Kalikasan niya ito. Marahil ay matagal na siyang nanginginaing kasama nila, at kumakain ng kanilang mga basura at pakikipagsosyalan, ngunit darating siya sa isang dako kung saan ay makasusumpong siya isang bagay na kakaiba, kaya't malalaman niya. "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig," ang wika ni Jesus, "sa isang istranghero ay hindi sila susunod." Marahil ay may kakatwang bagay silang sinusundan, ngunit sa kaibuturan nila ay may kung anong kakaibang bagay. Hayaan mong marinig nila minsan ang Katotohanan at masdan n'yo sila. "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin."

92 Siyanga, sinaway Niya sila sa di nila pagkakaalam. "Isa kang guro sa Israel pagkatapos ay hindi mo nalalaman ang mga bagay na ito?"

93 Ngayon, ang natural na tao, nais kong pasinin n'yo ang isang bagay dito, "Kinakailangan kang isilang na muli." Ngayon, ang natural na buhay, kung mayroon tayong natural na buhay upang maging aktibo tayo sa natural na buhay na ito, sa natural na mga bagay, kinakailangan natin ang isang natural na kapanganakan. Hindi ka nila basta na lang hinablot mula sa kung saang puno (Kita n'yo?), at inilabas sa kung anong paraan. Sinubukan nila ito, ngunit hindi umubra. Kailangan ang isang aktuwal na kapanganakan, likas na kapanganakan, upang maging aktibo ka nang sa gayon ay mataglay mo ang limang pandama, ikaw ay makalakad, makapagsalita, makakita, makalasa, makama, makaamoy, makarinig, makakilos, at iba pa, sapagkat ikaw ay isa nang tao, at ikaw ay nasasakop ng lahat ng mga bagay na ito, sapagkat ang mga ito ay kalakip ng natural na buhay.

94 At sa gayong kapanganakan, magkaminsan ay nagiging napakarunong natin sa makamundong karunungan, o sa mga bagay ng sanlibutan, nagiging mga Presidente tayo, at mga dakilang iskolar, at mga bihasang mekaniko, at mga siyentipiko, at iba pa. At alam niyo na dati pa, na sa pasimula, ang mga anak ni Cain ang nagtaglay ng ganiyang uri ng karunungan, hindi ang mga anak ni Seth; sila ay mga hamak na pastol. Ngunit ang mga anak ni Seth ay mga makadiyos na tao. Ngunit ang mga anak ni Cain ay lagi nang marurunong, matatayog, siyentipiko, mga duktor, at dakilang mga tao. Tama. Gayon ang sabi ng Biblia, alam n'yo, ganiyan ang itinuturo No'n.

Nagiging marunong tayo sa pamamagitan ng pagpasok sa iskuwelahan, pagkuha ng mga iskolarship at iba pa, nagiging napakarunong natin, matatalino, at nakagagawa ng mga bagay, at nakapagsasabi ng mga bagay, at minsan ay dinadaig pa ang pagsasalita ang isang taong puspos ng Espiritu. Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Ang mga anak ng sanlibutang ito ay mas

marurunong kaysa sa mga anak ng Kaharian"? Tiyak nga, sapagkat sila, sa pamamagitan ng kanilang karunungan ay nakapangungusap, at nakakapanaig sa karunungan, at sa pagsasalita, nagagawa nilang kunin at pilipitin ang mga Kasulatan upang pagsabihin Ito ng mga bagay na hindi naman Nito sinasabi.

95 "Oh, hindi naman talaga ganiyan ang ibig sabihin niyan." Kapag sinabi iyan ng isang tao, layuan n'yo siya. Kita n'yo? Binabantayan ng Diyos ang Kaniyang Salita, alam n'yo, ang sabi ng Biblia. Ito ay naisulat ayon sa nararapat. Kita n'yo? Ngayon, ito'y inihayag sa paraang nakadadaya, o upang matisod Dito ang mga marurunong. Kita n'yo? Tama.

96 Lahat ng karunungan at mga bagay na ito ay kanilang naiipon, ngunit ito ay galling sa . . . Ang kapanganakang iyon ay sa ibaba, makalupa. Ito ay sa lupa, at laban sa Espiritu ng Diyos. Ang unang kapanganakan na nagpakilos sa atin dito, ay nagpaging mortal na tao sa atin. Dahil sa ginawang kasalanan sa hardin, nailuluwal ang tao sa mundo sa pamamagitan ng babae. At ang taong isinilang ng isang babae ay sa kaunting araw lamang, ngunit ang taong isinilang ni Cristo ay eternal. Ang sabi ni Job, "Ang taong isinilang ng isang babae ay sa kaunting araw at lipos ng kabagabagan." Pansinin, ngunit ang taong isinilang ni Cristo, ay tunay ngang isinilang mula sa itaas. Ngayon, ang taong isinilang sa mundo, ay nagiging marunong at halos ay daigin sa katalinuhan ang . . .

97 Tignan n'yo kung gaano katuso ang diablo, nalinlang niya ang bawat saserdoteng dumating sa lupa. Tiyak nga. Nalinlang niya . . . Ginagawa pa rin niya ito. Oo nga, tiyak nga. Naging matalino siya, ngunit isang araw ay naharap siya sa katapat niya na gumapi sa kaniya. At ang kailangan na lang nating gawin ay ang sumandig tayo sa Kaniya; Kaniya nang nagapi siya. Kita n'yo?

Ngunit ito ay mula sa ibaba, at ang karunungang ito na iniipon ng mga tao upang patunayan at ipakita ang lahat ng mga bagay na ito at kung bakit kailangang gawin ng tao ang ganito at ang gano'n, ay kontra at pakikipaglaban (ang karnal na pag-iiisip) sa Diyos. Ganiyan nga ang sabi ng Kasulatan. Tama. Gaano man katalino, na nagagawa nila itong pilipitin. Nais kong may magpakita sa akin kung saan nagtatag ang Diyos kailan man ng isang organisasyon o kung kailan Niya inatasan ang isang organisasyon, bagkus ito ay kinundina Niya dito sa Biblia.

98 Gaano man nila pagsikapang magpakatalino, ito ay salungat. Gaano man tumayo ang karunungan at makapanaig sa pakikipag argumento sa iyo at ikaw ay maliitin sa pamamagitan ng pagsasabi ng tungkol dito, kontra pa rin ito sa Kasulatan.

Iglesia ni Cristo, at tumatanggi sa Salita ng Diyos, siya'y di tapat sa kaniyang sumpa sa kasal. Kung gayon ay nangangalunya siya sa pamamagitan ng pagdadagdag ng dogma, pakikiapid sa sanlibutan at sa kanyang karunungan, sa halip na tanggapin ang si Cristo at ang kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na muli sa pamamagitang ng Espiritu Santo. At siya'y ina ng mga patutot na gayon din ang ginawa. Hindi sinasabing mauling ng kaldero ang takure, alam n'yo na; (Kita n'yo?) anim nung isa, at kalahating dosena naman nung isa. Ilan sa mga taong ito ay nakikisabay at pinagtatawanan ang Catoico, samangtalang kasapi rin ng gayong bagay. Siya ang ina ng maling baustismo sa tubig. Siya ang ina ng maling ebidensiya ng Espiritu Santo, at kayo'y sumusunod sa kaniya.

189 Ngayon, tignan natin. "Totoo ba iyan, Brother Branham?" Manahimik kayo sandali.

190 Kita n'yo, siya ang ina ng mga mapamusong na pangalan, ng mga lodge na sinapian ng mga tao, at nagdadala ng kahihiyan, namumuhay nang kahit papaano, nagsusuot ng shorts, mga babaeng maiiksi ang buhok, pinturado, umaawit sa mga choir, naninigarilyo, nangungumunyon, lahat na ng karumihan ng sanlibutan, at ito'y isang katitisuran sa mga di mananampalataya. Hindi ba't nangusap si Timoteo tungkol dito, ang Espiritu Santo? Masdan n'yo. Kita n'yo, siya, ang Roma, ay ina ng bawat isa sa kanila. Kita n'yo? Ginawa n'yo sa inyong organisasyon ang katulad din ng ginawa niya: nagsingit ng dogma sa halip ng Salita, sapagkat may isang grupo ng mga kalalakihang na bumuo nito, ang mga presbitero at mga obispo at iba pa ay nagsabing dapat na magkaganito, at iyon nga ang naganap sa Roma. At subukan mo, kapatid kong pastor, na tanggapin ang buong Salita ng Diyos, at tignan mo kung saan ka mapupunta: sa labas ng pintuan. Ngayon, titignan natin kung sinabi nga ba sa iyo ng Diyos o hindi naman sa loob ng ilang minuto. Kita n'yo? Tama.

191 Kita n'yo, siya ang ina ng bawat isa, sapagkat siya ang unang nag-alis ng mga sulat ng Kasulatan at nagdagdag ng dogma, sapagkat tinanggihan niya ang mga pinahirang propeta na nagtaglay ng binindikang liwanag sa Salita. Dahil sa kanilang katalinuhan, mga marurunong na tao, mga Emperor ng Roma, at iba pa, na nagsitanggap ng Cristianismo, ngunit nais nilang tanggapin it sa kanillang sariling paraan. Kita n'yo? Tama. Gusto nila ito sa kanilang sariling paraan.

192 Ninais ni Naaman na gumaling sa kaniyang ketong sa tubig ng kaniyang bayang tinubuan; hindi niya gusto ang maburak na tubig ng Jordan. Ngunit kung gagaling siya sa kaniyang ketong, kinakailangan niyang humayo roon sa

nalalaman na iyon ay ang Iglesiang Romano, na nakaupo sa pitong burol na kumukontol sa mga kapangyarihan ng daigdig. At tinatatawag siyang patutot, at siya ay isang ina ng mga patutot. Ano ba ang isang patutot? Maaari bang maging lalaki ito? Dapat isa itong babae. Kaya kung isa itong babae, dapat isa itong iglesia; siya ang ina ng mga patutot, na katulad niya. At tignan n'yo, masdan n'yo, "Sa kaniya'y . . ." Hayaan n'yong mababad ito. "Siya ay puno ng mga mapamusong na pangalan." Ano ito? Ngayon, mga ministrong naririto at nakikinig sa tape, tumahimik lang kayo. Ano ang mga mapamusong na pangalang iyon? Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, Pentecostal, at iba pa. Mga mapamusong na pangalan, sapagkat ito'y mga organisasyon, mga patutot sa Diyos, katulad din naman niya.

185 At sila sa mga grupong iyon, ang sabi ng mga tao, "Aba'y, isa siyang Methodist at ginagawa niya ang ganito. Siya'y Pentecostal at ganito ang ginagawa. Siya'y Presbyterian at ganito ang ginagawa." Ginagawa nila ang lahat ng bagay na nasa kalendaryo, alam ninyo iyan. At ano iyon? Ito'y mga pangalan na dapat sana'y maging tulad ni Cristo at matawag na Cristiano, bagkus ito'y mga mapamusong na mga pangalan. Hindi iglesia ang mga ito. Mali ang pagkakatawag sa mga ito bilang iglesia. Sila ay mga lodge. Ngayon, nakikita n'yo na ba kung bakit laban ako sa mga organisasyon? Hindi sa mga tao, sa sistema ng organisasyon (Kita n'yo?), maging sa mga mapamusong na pangalan (Masdan n'yo) ng mga lodge, na mali ang pagkatawag bilang mga iglesia. Iglesiang Methodist, iglesiang Baptist, iglesiang Presbyterian, iglesiang Pentecostal, iglesiang Lutheran, iglesiang United Brethren, walang ganiyang bagay. Hindi iyan ayon sa Kasulatan.

186 May iisa lamang na iglesia, at hindi mo Ito sinasalihan. Ikaw ay ipinapanganak Dito. Ikaw ay itinalaga Dito. Ang malakas na Katawan ni Jesus Cristo—Ang mistikal na Katawan, pala, ni Jesus Cristo dito sa ibabaw ng lupa, taglay ang Salitang nahahayag. Ang mga anak na lalaki't babae ng Diyos ay hindi kabilang sa alin man sa mga ito. "Magsilabas kayo sa kanila," ang sabi Niya. Siya nga.

187 Masdan nang mabilis ngayon. Ayaw ko kayong pagurin, ngunit kung bibigyan n'yo ako ngayon ng ilan pang sandali, bibilisan ko sa abot ng aking makakaya, ngunit nais kong tiyakin n'yong nakukuha n'yo nang sa gayon ay hindi ito lumampas sa inyo. Kita n'yo?

188 Alalahanin, ang inang Roma, nasumpungan sa kaniya, puno siya ng mapamusong na mga pangalan, isang ina ng mga patutot. Kung gayon, kung sila ay mga patutot, ano ba ang patutot? Ano ba ang babaeng bayaran? Kapareho rin ng isang patutot. Isa itong babaeng namumuhay nang di tapat sa kaniyang sumpa sa kaniyang kasal. At anumang iglesiang nag-aangking

99 May nagsabi sa akin, "Brither Braham, may isang bagay akong laban sa iyo." Ang sabi niya, "Ikaw ay Jesus Only."

100 Ang sabi ko, "Hindi. Hindi ako kabilang sa alin mang organisasyon."

101 Isang presbitero ng isang state ang nagpasugo nung isang araw, at nagsabi, "May nagsabi sa akin na ikaw daw ay Jesus Only, Brother Branham."

Ang sabi ko, "Salungat iyan. Mali iyan."

Ang sabi pa, "Sinabi nila sa akin na naniniwala ka sa "free love," na dapat ay iwanan ng mga lalaki ang kanilang mga asawang babae at maghanap . . ."

102 Ngayon, nakikita n'y ba, iyan ay sadyang mga kasinungalingan ng diablo. Alam n'yo 'yan.

Ang sabi ko, "Walang pasubaling laban ako sa ganiyang mga bagay na wala sa Kasulatan. Naniniwala ako sa kabanalan at kadalisayan. Naniniwala akong ang isang lalaki ay nakatali sa kaniyang asawang babae habang sila ay nabubuhay." Hindi mo siya dapat kunin nang hindi muna nananalangin.

103 At ang Jesus Only, ang grupo ng Jesus Only, wala akong laban sa kanila, singbuti rin sila ng alin mang grupo sa akin. Ngunit nagbabautismo sila nang mali; nagbabautismo sila sa ikasisilang na muli. Naniniwala akong isinisilang tayong muli sa pamamagita ng Espirtu Santo, hindi ng tubig. Ginagamit ko nga ang Ngalan ni Jesus Cristo sa bautismo, at walang ibang Kasulatan sa Biblia na susuporta—na magpapamali dito. Walang sinuman sa Biblia na nabaustismuhan sa Ngalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo. Gusto kong may lumapit upang magpakita sa aking may nabautismuhan nang ganiyan. Kung gayon kung ito'y wala sa Kasulatan, itigil n'yo na.

Sasabihin mo, "Wala namang kaibahan iyon."

104 Mayroon iyon kay Pablo. Inutusan niya silang magpabaurismong muli sa Ngalan ni Jesus Cristo at pagkatapos ay tanggapin ang Espiritu Santo. At sinabi ni Pablo, "Kung isang anghel mula sa langit ang dumating (Mga Taga Galacia 1:8), at nagturo ng ibang Ebanghelyo kaysa sa itinuro niya, siya ay masumpa." Kita n'yo, isa itong tradisyon.

105 Nakipag-usap ako sa isang dakilang lalaki di pa katagalan. Ang sabi niya, "Brother Branham, hindi ko magawa. Alam kong tama 'yan," ika niya, "ngunit anong magagawa ko?"

Ang sabi ko, "Sundin mo."

106 Ang sabi niya, "Aba'y, bantog ako sa aming mga kasamahan."

Ang sabi ko, “Ngunit ang nais ko ay kabantugan sa Diyos; kaya sundin mo ang Kaniyang Salita. Kailangang mamili ka, ang Diyos ba ang paglilingkuran o ang tao?”

107 Ngunit hinahayaan nilang latagan sila ng kanilang organisasyon ng mga deklarasyong ito, at ito’y sinusundan pa. Sa simbahang Romano Catolico unang ginamit iyon. Tama. Gunsto kong magpakita sa akin ang sinoman ng kaiba diyan. Nagbabasa rin ako ng kasaysayan, alam n’yo. Kaya’t alalahanin n’yo, iya’y baurismong Catolico, at sinumang mabautismuah sa ganiyang paraan ay nababaurismuhan sa samahang Catolico. Patutunayan ko iyan bago matapos ang gabi, kung loloobin ng Panginoon. A-ha. Tama. Kaya nga kailangan n’yong magbalik. Hindi lamang sa Jesus Only . . .

108 Ngayon, maraming mabubuting tao sa simbahang Jesus Only, maraming mabubuting tao sa Assemblies of God, sa Church of God, Methodist, Baptist, Presbyterian, at Catolico. Ngunit walang isa man sa kanila ang Iglesia, walang isa man. May mga indibiduwal na naroroon na kabilang sa Iglesia. Ngunit hindi ang denominasyong kinabibilangan nila ang dahilan kaya sila naging ang Iglesia, tulad ng ginagawa ng mga tao. Mali iyon. Sandali lamang at bibigyan natin kayo ng ilang mga Kasulatan.

109 Siya nga, upang maging aktibo sa lupa, kailangan kang isilang sa natural upang maging aktibo, at ang gayong kapanganakan ay nagpapapantas sa atin gaya ng sinabi ko. Kita n’yo? At nagiging marunong tayo, matatalino, ang karunungan natin ang nagkakaloob sa atin niyan. Ngunit alalahanin n’yo na ang kapanganakang iyan, ang pinakapasimula nito ay salungat. Ito’y makalupa at salungat sa Salita ng Diyos, kamangmangan sa Diyos at sa Kaniyang plano, walang kamalayan sa plano ng Diyos. Kung hindi ba naman, sana ay mas higit ang nalaman ni Nicodemo kaysa sa nalaman ni Jesus tungkol Dito. Kita n’yo? “Hindi ba’t ikaw ay guro sa Israel?” Kita n’yo? Nakikita n’yo ba kung saan napupunta ang inyong mga denominasyon, ang inyong mga dakila’t matatalinong kalalakihang nagpupulong-pulong at bumubuo ng kanilang mga plano, at naghahanda?

110 Hayaan n’yong sabihin ko ito sa inyo. Sa tuwing magpapadala ang Diyos ng Liwanag sa lupa, tungkol sa isang Bagay na nasa Kasulatn, kaagad nila Itong itinatakbo. At pag-alis na pag-alis ng lalaking iyon, gumagawa na sila ng isang organisasyon hango dito. At sa sandaling inorganisa nila ito, nais kong hilingin sa sinumang mananalaysay na naririto ngayon, o kaya’y nakikinig sa tape na lumapit at ipakita sa akin. Kailan man mag-organisa ang tao ng isang iglesia, pagdaka’y namamatay ito at hindi na nagbabangon pang muli. Ito’y salungat sa Diyos. Ito’y salungat sa mga Kasulatan. Kaya’t ako’y laban dito, alin mang bagay na nilalabanan ng Diyos. Kung ang Diyos ay nasa

179 Kaya nga laban ako do’n. Hindi ako laban sa mga tao; sa systema ako laban. ’Pagkat hindi nila kayang . . . Kapag may isa sa mga matanda o kung sinuman, isa sa mga iglesia ang nangaral ng isang bagay na nasa Biblia na salungat sa doktrinang iyon, sa charter ng simbahang iyon, basta na lamang siyang itititiwalag. Siya nga po. Ang ilan sa kanila ay napakasama dahil hindi sila pumapayag na magpunta sa ibang simbahan ang revival malibang isa sa mga tao nila ang may dala. Aba’y, sila’y napaka . . .

180 Minsan may magkakaloob sa isang mangangaral ng . . . At dito mismo sa bansang ito, may isang matandang mangangaral na nakatayo sa kalsada, umiiyak at humihimok ng pagsisisi, at nagsasabing, “Lumapit kayo, tanggapin n’yo si Cristo; magpakapuspos kayo sa Espiritu Santo,” at iba pang tulad no’n. At may isang taga organisasyong Pentecostal ang lumapit at binigyan ang lalaking iyon ng isang dolyar sa kaniyang kamay, at kinailangan niyang magtungo roon upang magsisi dahil nangalunya siya laban sa kaniyang iglesia. Catolico ba ang pinag-uusapan natin? Tama. At alam n’yo rin kung anong sinasabi ko; o ang iglesiang ito ay gano’n din naman ang ginagawa. Tama.

181 Gawin mo ito . . . ang tanggihan ang Kasulatan ay . . . Kapag ganito ang ginawa, nabagao na; at kapag nagdagdag ka ng dogma at sumapi ka sa isang organisasyon, automatikong na tinanggap mo na ang una mong dogma, sapagkat hindi ito ayon sa Kasulatan, kaya ito ay isang bagay na idinagdag. At ang isang dogma ay isang bagay na idinagdag, “sa halip ng”; pinapalitan nito ang kapanganakan. 182 Kapag tumanggap ka ng isang denominasyon, nagdagdag ka ng dogma. Tama. Kapag ganito ang ginawa, kung gayon ay hindi na ito iglesia sa pamamagitan ng kapanganakan kundi lodge sa pamamagitan ng dogma o kredo. Sapagkat, kita n’yo, dogma na nga ito, dahil hindi ayon sa Kasulatan.

183 Makinig kayo, masdan n’yo. Isara natin ito sa ibang bagay, ibaon natin nang mahigpit ang isang bagay sa sandaling ito. Ilan ang mayroong Greek Lexicon, ang “Emphatic Diaglot” mula sa lumang manuskrito, Griego? Sige. Basahin n’yo, kumuha ka ng iskolar na gusto mo. Mapunta kayo sa aklatan at kunin n’yo ang lexicon, ang Griegong lexicon. Basashin n’yo ang Apocalipsis 17, at kapag bumasa ka ro’n, ang sabi dito ng King James Version, “Ako’y kaniyang dinalang nasa Espiritu; at nakita ko ang isang babae na nakasakay sa isang hayop na pula, na puno ng—ng mga pangalang pamumusong.” Ngayon, ilyan ang sabi ng King James. Ngunit ang orihinal na interpretasyon ay nagsasabing . . . dinala niya ako sa Espiritu . . . at nakita ko ang isang Babae . . . puno ng Mapamusong na mga Pangalan . . .

184 Malaki ang kaibahan ng “pangalang pamumusong” sa “mga mapamusong na pangalan.” Ngayon, masdan n’yo. Nauunawaan nating lahat at ating

kababayan at makapagtatag ng isang napakamakapangyarihang bansa sa pamamagitan nito, naisip niyang tataglayin nila ang kaniang relihiyon, kaya ginawan niya sila ng isang relihiyong pambansa't simbahan. At nang idaos nila ang Konseho ng Nicaea, at ang mga tanong na ito ay lumabas kung mayroon bang isang Diyos o tatlo; kung dapat ba silang magbautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo, o sa Ama, Anak at Espiritu Santo; lahat ng iba pang mga katanungang ito ay kanilang pinagtalunan doon. At nang magkagayon, ilan sa mga matatandang propeta ay nagtungo roon na nakadamit lamang ng ibinalabal na balat ng tupa at kumakain ng mga halaman. Tama. Ngunit ang matataas na pinunong iyon ay nakapasok na sa iglesia at pinatahimik sila sa pamamagitan ng makamundong karunungan. Ngunit taglay nila ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Nasadlak siya sa paganong kadiliman sa loob ng mga isang libong taon.

176 Ngunit namukadkad siyang muli. Tama. Hindi mo ito maaaring patayin. "Isasauli ko, ang sabi ng Panginoon, lahat ng kinain ng mga taong ito."

177 Ang mga denominasyong iyon ay nagdagdag ng dogma. At para magawa ito, upang makapagdagdag ng dogma, ang tanging paraan upang ang alin mang iglesia, ang tanging paraan para malayo ang alin mang denominasyon sa Kasulatan, ay ang subuking bumuo ng tradisyon o ng doktrina ng inyong iglesia, kahit pa salungat ito sa Mga Kasulatan. Kung gayon ay papaano nagagawang kundinahin ang simbahang Catolico, samantalang gano'n din ang ginagawa nila? Nauunawaan ba ninyo? Sige. Nang . . . Ngayon, isipin n'yo na lang, hindi maaaring mabigo ang Kasulatan. Ang mga dogma ay kasinungalingan sa pasimula pa lamang. At kapag tinanggap n'yo ang isang denominasyon, mayroon na kayong dogma, sapagkat ito'y isang bagay na idinagdag. Wala ito sa Kasulatan. Wala ito sa Kasulatan.

178 Walang organisasyon. Hindi sinabi ni Jesus, "Inuutusan ko kayong magtungo sa buong sanlibutan at magtatag ng mga organisasyon." Hindi po, walang gayong bagay. Ang gawin ito ay ang itakwil ang banal na Kasulatan. Nang gawin ito, nabago na mula sa iglesia sa pamamagitan ng kapanganakan tungo sa iglesia sa pamamagitan ng dogma at kredo. Hindi iglesia, pagpaumanhinan ninyo ako; lodge pala. Ikaw way isinisilang sa Iglesia, ngunit ikaw ay sumasapi sa isang lodge. Hindi iyon Baptist church, Methodist church, Pentecostal church. Iyon ay Baptist lodge, Pentecostal lodge, at Methodist lodge, sinasapian mo ang mga ito. Hindi ka maaaring sumapi sa Iglesia. Walang gano'n. ikaw ay ipinanganganak Dito. Sinabi iyan kay Nicodemo. Kaya nakikita n'yo na ba kung sasn kayo naroroon? Ay, naku.

sa akin, kung gayon ako ay laban sa kung anong nilalabanan ng Diyos. Ang kaaway Niya ay kaaway ko rin. Ang Iglesia Niya ay Iglesia ko rin; ang Buhay Niya ay Buhay ko rin. Ipinagkaloob Niya ang Kaniyang Buhay; Siya ay naging ako upang ako sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya ay maging tulad Niya. Kita n'yo? Nagpalit tayo ng lugar. Naging makasalanan Siyang tulad ko ang namatay sa halip ko, upang ako ay maging anak ng Diyos tulad Niya.

111 Ngayon, nakikita n'yo kung saan na nasadlak ang inyong mga denominasyon (Hindi pa tayo nag-uumpisa.), marunong sa karunungan ng sanlibutan ngunit patay sa plano ng Diyos. Ngayon, magbalik-tanaw tayo, huminto tayo rito sandali.

112 Si Adam ay sumalungat sa plano ng Diyos, 'pagkat sinuway niya ang Salita, sinubukan niyang gawan ang kaniyang sarili ng panakip, isang relihiyon. Nabigo ito, at lagi na lang nabibigo ang sinusubukang gawin ng tao. Namali si Nimrod. Napahamak si Core. Anong sinusubukan nilang gawin? Bumuo ng isang organisasyon.

113 At pagkatapos no'n, nang sa kinahulian ay makapag-organisa na sila, nasumpungan silang patay ni Jesus. Aniya, "May mga mata kayo ngunit di kayo makakita. May mga tainga kayo ngunit di kayo makarinig." Kita n'yo? Aniya pa, "Kayo'y mga bulag na umaakay sa kapuwa bulag. At kung inaakay ng bulag ang kapuwa niya bulag, hindi ba't kapuwa sila mahuhulog sa hukay?" Ang sabi Niya, "Isa kang guro sa Israel, pagkatapos ay ni hindi mo maintindihan kung ano ang bagong kapanganakan? Samantalang kung umiwas ka sa mga tradisyon, at nanghawakan sa Salita, nalaman mo sanang darating ako upang magkaloob ng bagong kapanganakan. Nakilala mo sana ang Aking kaarawan. Kung nakilala n'yo si Moises, makikilala n'yo Ako. Nangusap si Moises tungkol sa Akin, at sinabi niyang darating Ako, at naririto na Ako. At kung hindi Ko ginagawa ang mga bagay na sinabi ni Moises at ng mga propetang gagawin, kung gayon ay huwag n'yo Akong paniwalaan. Kung hindi ginagawa ang mga gawa ng Diyos, kung gayo'y huwag n'yo Akong paniwalaan. Ngunit kung hindi n'yo Ako mapaniwalaan, bilang isang Tao, at kung hindi n'yo ako mapaniwalaan sapagkat Ako ay isang Tao na gumagawa ng mga gawa ng Diyos, paniwalaan n'yo ang mga gawa, sapagkat nagpapatotoo ang mga ito sa mga bagay na Aking ginagawa." Kita n'yo?

114 Ngunit, tulad din sa araw na ito, kung nabuhay Siya sa mundo sa araw na ito, ang Assemblies of God ay magkakaroon ng isa, ang Oneness ay gayon din, at ang bawat isa ay magkakaroon ng isang Jesus. Tiyak iyon, ang denominasyon nila ang kailangang magdala ng bola. Kita n'yo? Kung hindi magkakagayon, ayaw na lang nila. Pinaghihiwalay ang pagkakapatiran . . .

Naaalala ko ang isang batang lalaking nagngangalang Little David. Malaki na siya ngayon, may asawa na, sa wari ko'y may pamilya na. Naaalala ko nung magsimula siya. Nagpunta ako sa St. Louis. Nakarinig na ako ng tungkol sa mga batang mangangaral, na sila'y tatayo at magsasabing, "Si Jesus, isang munting batang lalaki, isinilang sa isang sabsaban. Nanay, ano bang kasunod no'n?" Ngunit hindi ang batang lalaking iyon. Hinuhubad niya ang kaniyang amerikana at kumukuha ng isang teksto at nangangaral. Ngunit ano siya? Nangyaring isa siyang Jesus Only. Ang ama niya, si Mr. Walker, ay kabilang sa isang Jesus Only. Aba, hindi mapayagan iyon ng assemblies. Kailangan din nilang kumuha ng isang munting David. Aba, ang lahat ng iba pa ay kinailangang magsikuha ng isang munting David.

115 At minsan nang nagdaraos ng isang gawain ang batang iyon sa Florida, tinawagan niya ako upang pumaroon at siya tulungan. At nabasa namin ni Brother Moore ang dalawang pahina ng unahang bahagi ng diyaryo, na ang laman ay puro munting mga David; bawat iglesia ay may isang munting David. Ay, naku. Aba'y, kung kinilala lang ng lupon ng mga matatanda ng Diyos ang kaloob na nasa batang iyon, nakapagdala sana siya ng libu-libong mga kaluluwa sa Kaharian (Kita n'yo?), hanggang sa malimutan niya ang kaniyang tradisyon tungkol sa mga tao at iba pang tulad nito. Nagamit sana ng Diyos ang kaloob na nasa kaniyang buhay.

116 Nang unang mairepresinta ang Divine healing, ang bawat isa ay may kung anong pakiramdam sa kanilang mga kamay at nakaaamoy ng mga sakit. Ay, naku. Bakit? Kailangan nilang gawin iyon; napag-iiwanan ang kanilang organisasyon. Kita n'yo, ang inyong organisasyon ay nasa unahan ng plano ng Diyos; gayon ang iniisip n'yo. Ngunit pinasusulong pa rin ng Diyos ang Kaniyang Iglesia, ang mistikal na Katawan. Hindi mo iyon sinasalihan; isinisilang ka roon.

117 Marurunong sa karunungan ng sanlibutan, ngunti patay sa mga plano ng Diyos . . . Sabihin n'yo sa aking kung gayon. Sabihin n'yo sa akin kung gayon. Maaarin mong sabihin at patunayan sa kanilang sila ay mali sa pamamagitan ng Salita at pangako ng Diyos, at hindi pa rin nila ito makikita. Maaarin ko kayong upuan, at kunin ang Salita, at ipakita sa inyong ang denominasyon ay mali. Maaari kong ipakita sa inyong ang mga kredong taglay n'yo sa araw na ito ay mali (Kita n'yo?), ang mga kredong ito ng simbahan. Ipakita mong mali ito, at sasabihin nila, "Buweno, tinuruan kaming paniwalaan ito." Nakikita n'yo ba? Sa aking opinion, i—isa itong **fodder**, kung alam n'yo ang sinasabi ko, **cannon fodder**. Siya nga, tama. Hindi nila ito makita. Ang sabi ni Jesus, "Hin—hin—hindi kayo makakita, para makalapit kayo sa Akin at magkaroon ng Buhay."

diyos-diyosan. At pagkatapos si Constantine, may ina siyang tunay na Cristiano at umasang magiging Cristiano rin ang kaniyang anak, ngunit isa siyang pulitiko. At nakita niyang karamihan sa Roma, o malaking bahagi nito, o, ang mahihirap ay tumanggap na ng kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo. At nagsimula na silang maging popular, sapagkat inaalis nila si Venus at ipinapalit si Maria, at inaalis si Jupiter at ipinapalit si Pedro, at iba pang tulad no'n, at—at ang mga alagad, naging napkapopular na relihiyon no'n. At magigiting sila. Sila'y—ang mga Cristianong iyon ay handang mamatay.

171 At ang sabi ng simbahang Catolico, "Kami ang nauna." Iyan nga talaga ang katotohanan; ang simbahang catolico ay nagsimula nung araw ng Pentecostes. Ngunit ito ang nag-alis sa kaniya; nag-organisa siya at nagsingit (sa Salita) ng mga dogma. At ang pinakahuling dogma, kayong mga higit sa sampung taong gulang ay makakaalala sa pinakahuling dogmang ito, ang pagpanik ni Maria, mga sampung taon na nakalilipas. Isa na namang dogmang idinagdag sa simbahan. Sa halip na Kasulatan, ito'y isang dogma. At ipapaunawa nila sa inyo ngayon din na wala silang pakialam sa kung anong sinasabi ng Kasulatan, ang mahalaga ay ang sinasabi ng simbahan.

172 Sila, ang sabi ng pari sa akin, aniya, "Ang Diyos ay nasa Kaniyang simbahan."

Ang sabi ko, "Ang Diyos ay nasa Kaniyang Salita."

Ang sabi niya, "Buweno, ang Bibliang iyan ay isa lamang kasaysayan ng naunang simbahang Catolico."

Ang sabi ko, "Kung gayon ako'y kabilang sa unang Catolico." Ika ko, "Dahil diyan ay mas Catolico ako kaysa sa iyo, na isang pari."

173 Kita n'yo? Ang sabi ko, "Kung totoo iyan, e di ganoon nga ako." Ang sabi ko, "Kita n'yo, pinaniniwalaan kong ganap kung anong itinuro ng mga apostol. Pinaniniwalaan n'yo kung anong idinagdag nila dito." At ganiyan nga ang nangyari. Tiyak ngang gayon. Ganon ang nangyari, ganung-gano'n nga.

174 Ngayon, pansinin n'yo ang kasaysayan. Noon ay nagsimula na silang magdagdag ng mga dogma. At nang magpunta roon si Pablo, alam natin, ayon sa kasaysayan, na ni hindi niya binisita ang unang iglesiang iyon, sapagkat hindi niya kayang tiisin ang pagsamba sa mga diyos-diyosan. At binisita niya ang ikalawang iglesiang kanilang itinatag, ang ikalawang iglesia ng Roma.

175 At nang dumating ang Konseho ng Nicaea, kung saan nakita ni Constantine ang ideyang pag-isahin ang kaniyang kaharian: kaperehong-kapereho ng ginawa ni Achab kay Jezebel, kinasal doon . . . Kita n'yo? At nang makakita siya ng pagkakataon upang pag-isahin ang kaniyang mga

Alam nating iyan ang katotohanan. Hindi kailanman naorganisa ang simbahan, at nagkaroon ng organisasyon, hanggang sa dumating ang simbahang Catolico. At ang salitang "catolico" ay nangangahulugang "pandaigdig." At nakagawa na sila ng pambansang iglesiang relihiyon, at pinamuno ito sa buong kinasasakupan ng Roma, at halos ang pinakamalaking bahagi ng mundo ay nalupig na nila nung panahong iyon. Iyon ang pambansang iglesia, at ang mga ayaw magsisunod doon ay pinapatay. Ang Konseho sa Nicaea, labinglimang araw ng madugong pakikipagbaka, kung kailan ang mga tunay na propeta ng Diyos, nang manindigan sila sa mga . . .

168 Ang Iglesiang Catolico, bakit ito naumpisihan, aba'y, alam nating lahat; itinuro ko iyon dito. Kung papaanong, sa katunayan, sina Aquila at Priscilla ang pastor, si Aquila ang pastor ng iglesiang Romano. Nang manaog ang Espiritu Santo nung Pentecostes, lumagpak ito sa mga Judio mula sa lahat ng bansa sa silong ng langit. Ngunit matapos ang ilang araw, nakakita si Pedro ng isang pangitain sa bubong ng bahay na nagpapapunta sa kaniya kay Cornelio, na isang Romano, isang matuwid na lalaki, at nanalangin siya at lumagpak sa kaniya ang Espiritu Santo. Nang maglaon nagsimulang tanggapin ito ng mga matataas na pinuno. Sina Aquila at Priscila ay nagtungo sa Roma at nag-organisa sila, o, hindi sila nagorganisa, kundi isinaayos nila ang unang iglesia sa Roma. Ang nang gawin nila iyon, nagkaroon sila ng mga kapatid na lalaki't babae.

169 At si Claudius sa kaniyang pamumuno ay inekskomulga ang mga Judio sa Roma. At 'yun din ang panahon na sinasabi ng Romano Catolico na Pedro ay nasa Roma. Magpakita kayo sa akin ng isang Kasulatang nagsasabing si Pedro ay nakarating sa Roma, o ng anumang kasaysayan na nagsasabing naparoon siya. Hindi siya nakarating doon ayon sa Salita ng Diyos, at iyang ang pinaniniwalaan ko. At papaanong matitiis ni Pedro, na isang Judio, ang idolatriyang iyan at mga bagay na mayroon sila, ang pagsamba sa idolo at iba pa? Saan . . . Kita n'yo? Papaano niyang sasalungatin ang sarilin niyang katuruan dito? Walang kabuluhan. Tulad din naman ng mga Protestante. Maghintay kayo, pupuntahan natin iyan maya-maya, kung loloobin ng Panginoon. Pansinin. Pansinin n'yo ngayon, makikita nating sa oras ding iyon na sinasabi ng simbahang si Pedro ay nasa Roma, ang kasaysayan ay nagsasabing inutusan ni Claudius (at ito rin ang sabi ng Biblia) na magsilayas ang mga Judio sa Roma.

170 At sa pagdaan ni Pablo sa Efeso at dumating siya sa lupaing matataas, nasumpungan niya ang mga disipulong ito, at bumibisita siya roon kina Aquila at Priscilla. Nang umalis sila, ang mga kapatid na taga Roma ay nagsimulang bumuo ng kanilang sariling mga ideya, at nagdagdag sila ng pagsamba sa mga

118 Naroon si Nicodemo, isang marangal na lalaki, isang dakilang lalaki, isang obispo sa kaniyang simbahan, kilalang tao, mahal ng lahat, at paglapit niya kay Jesus, wala siyang kamalay-malay tungkol sa buhay. Napakaignorante niya tungkol Dito nang siya ay sawayin ni Jesus dahil Dito; ngunit tapat siyang sapat na lumapit. Ang iba sa kanila ay ni ayaw man lang lumapit. Nanatili sila sa malayo kasama ng mga punong saserdote, at kasama ni Obispo Ganito-at-Ganon, at iba pa. Kita n'yo? Nanatili sila sa malayo kasama ng mga ito, na mas tinanggap pa nila ang mga tradisyon ng kanilang matatanda kaysa pakinggan ang Salita ng Diyos.

119 Ngayon, maaari mong sabihin sa kanila; hindi nila ito pakikinggan. Maaaring mong ganap na . . . Maiisip mo ba . . . Nais kong ko kayong tanungin. Hindi ko layong ito ay maging mapanglapastangan. Maiisip mo bang lumabas ako, at tanungin ako ng isang buko ng puno, "Papaano mong nagagawang lumakad tulad ng ginagawa mo? May buhay din ako; isa akong buko sa punong ito?" Maaari niyang patunayan na mayroon siyang buhay, ngunit maling klase. Kung nais niyang magpalakad-lakad, ang tanging paraan para magawa niya iyon, makakita, makalasa, makadama, makaamoy, at makarinig, kung magagawa niyang lang na makipag-usap at itanong iyon sa akin, ang tanging paraan, kakailanganin niyang ipanganak tulad ng pagkakapanganak sa akin. Amen. Hindi niya iyon kailan man mauunawaan sa iba pang paraan. Ngunit kung siya'y ipinanganak tulad ng pagkakapanganak sa akin, kung gayon ay malalaman niya ang mga bagay na nalalaman ko. Amen. Ay, naku. Opo. Hindi mo maaaring sabihin sa isang buko ng puno kung papaano tayong nakagagalaw at nagiging aktibo, kakailanganin nitong tanggapin ang kaparehong uri ng buhay upang maunawaan niya. Gayon din sa Espiritu. Kapareho din sa Espiritu, kung hindi'y hindi mo Ito mauunawaan. Hindi na kailangang intindihin mo Ito nang mabuti; lumapit ka na lang muna sa Kaniya. Sapagkat, "Malibang ang isang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang Kaharian," ika Niya, iyon ay ang maunawaan ito. Kinakailangang ipanganak kang muli upang Ito ay malaman mo.

120 Buweno, sasabihin mo, "Ipinanganak na akong muli." At pagkatapos ay tatanggihan mo ang Salita? Papaanong mangyayari iyon? Ang sarili mong buhay ang nagpapatunay do'n; ang grupo mong sinalihan, ang mga ibong magkakatulad ng balahibo . . . Kita n'yo? Maghintay kayo na matalakay natin ang mga bagay na iyan sa loob ng ilang sandali. Kita n'yo?

121 Ito ay dumarating sa pamamagitan ng Espiritu. Papaano mong sasabihan ang mga taong di ipinanganak ng Espritu ng tungkol sa mga bagay na patungkol sa Espiritu? Kinakailangang ipanganak ka ng Espiritu upang maunawaan mo ang mga bagay na patungkol sa Espiritu. Ang . . . Sabi ni

Jesus, “Ang hangin ay imiihip saan man niya ibigin; hindi mo masabi kung saan ito nanggagaling o saan patutungo?” Kita n’yo? Gayon din ang bawat ipinanganak ng Espiritu; hindi nila masabi sa inyo. Ang isang taong ipinanganak ng Espiritu ay hindi nag-iisip; hinahayaan niyang ang Diyos ang mag-isip.

122 Palagay n’yo ba ay kaya kong tumayo dito sa plataporma, mag-isip at sabihin sa isang lalaking nariyan sa likuran, “Ang pangalan niya ay John Doe at siya ay nakatira sa ganito-at-ganiyang lugar; ganito ang kaniyang ginawa. At may iba siyang babaeng pinakasalan, dalawampung taon na ang nakalilipas, at nagkaanak siya sa babaeng ito. Kailangan niyang isauli ang bagay na ito, at gawin ang gayon,” sa palagay, n’yo ba magagawa ko iyon sa pag-iisip? Walang gayong karunungan sa kapanganakang ito sa lupa para diyan. Lampas ito diyan. Kinakailangang magmula ito sa itaas. At pagka ipinanganak ka na ng Espiritu sa itaas, ang Buhay na nasa Kaniya na gumawa ng mga bagay na iyon, ay nagsabi, “Ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin n’yo rin naman.”

123 Kailangang mabago ang iyong kapanganakan. Nadaya ka. Marahil ay nagsalita ka sa iba’t-ibang wika; marahil ay naglulundag ka. Marahil ay sumigaw ka; maaaring nagawa mo ang lahat ng mga bagay na ito, ang ganito, ang ganiyan, at iba pa, marahil ay naging tapat kang miyembro. Gayon din si Nicodemo (Kita n’yo?), ngunit kulang siya ng kapanganakan. At kapag itinanggi mo ang Salita, at ipinatungkol sa iba, at gawan ng isang bagay, at ikalat nang ganiyan . . . At sinabi ni Jesus, “Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga magsisisampalataya. Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal.” Habang ipinapangaral ang Ebanghelyo, ang mga tandang ito ay magsisisunod. Sabihin mo sa akin kung saan Niya ito kailan man inalis sa iglesia. Ipakita mo sa akin ang Kasulatan kung saan ay sinabi Niya, kailan man na, “sa ganito katagal lang.” Ang sabi Niya, “Sa buong sanlibutan at sa lahat ng kinapal.”

124 Siya nga, kakailanganin mong tanggapin ang uri ng Buhay na tinglay Niya upang maipamuhay mo ang Kaniyang Buhay. At kapag nakita mo ang Kanyang Buhay, kung magkagayon ay makikilala mo ang Kaniyang Salita. Tama. “Kapag Siya,” panghalip na panao, hindi isang kaisipan, hindi isang imahinasyon, hindi isang sensasyon, kundi “kapag Siya, ang Espiritu Santo ay dumating, kukunin Niya ang mga bagay na ito na Aking sinabi sa inyo, at ihahayag Niya ang mga ito sa inyo, at ipapakita Niya sa inyo ng mga bagay na darating.” Iyan ang kapanganakan. Iyan ang bindikasyon na Ito nga ay Salita. At kapag sinasabi ng isang taong mayroon siyang Espiritu Santo, at pagkatapos ay itatanggi ang Salita ng Diyos at ipatutungkol sa iba, papaanong

163 Nang dumating si Jesus, gayon din ang nangyari, kapareho rin. Ang mensahero pati na ang mensahe ay kinakailangang maging isang mensaheng una pa man ay nasabi na ng Diyos. At pagkatapos ang Diyos, habang nangungusap sa mensahero, ay nagpapatunay na ito nga ang Katotohanan. Naririnig n’yo ba? Nauunawaan n’yo ba? Unawain n’yo. Dapat maging isa muna itong ITO ANG SABI NG PANGINOON na nasabi nang una pa. At pagkatapos ang mensahero pati na ang mensahe ay dapat na maging akmang-akma sa kung anong sinabi ng Diyos na magaganap sa panahong iyon.

164 Ganiyan si Moises. Kaya nga sumubasob siya sa harapan ng Diyos at nagsabi, “Diyos, isinugo mo ako.”

Ang sabi Niya, “Ihiwalay mo ang iyong sarili sa lupong ito.”

Nakikita n’yo ba kung anong ibig kong sabihin? Sa tuwina, ang bagay na pumipilipit sa isip ng mga tao ang nag-aalis sa kanila sa kalooban ng Diyos.

165 Ngayon ay alalahanin, sinabi na ito una pa man ng Kaniyang Salita at binindikang wasto ng Kaniyang Salita. Ngayon, ang sabi ni Jesus, “Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng Diyos, kung gayon ay huwag n’yo Akong paniwalaan. Kita n’yo, kung namali Ako nang . . . Sige nga, sino sa inyo ang makapag-aakusa sa akin ng kasalanan? Sino sa inyo ang makapagpapakitang isa Akong di mananampalataya?”

166 Ang sabi ni Nicodemo, “Nalalaman naming Ika’y . . . Rabi, galing Ka sa Diyos,’pagkat walang sinumang makagagawa ng mga bagay na iyon malibang sumasakaniya ang Diyos.” Kita n’yo? Kaya nagpapakita itong isa siyang mananampalataya.

167 Ngayon, tayo na nakakaalam ng kasaysayan ng iglesia . . . Ngayon, isuot n’yo ang inyong mga sumbrerong gamit sa pag-iisip. Hindi pa gabi (Kita n’yo?), kaya makinig kayong maigi ngayon at sisikapin kong magmadali sa abot ng aking makakaya. Ngayon, nais kong . . . Makining kayo nang husto sa tape.

Ngayon, sinumang nakabasa na ng kasaysayan ng iglesia ay nakaaalam na ang unang nag-organisa ang Cristianismo nang mag-organisa ang simbahang Romano Catolico. Ngayon, kung may iba pang mga pagkakataon bago iyon, nais kong may magdala sa akin ng kasaysayan at ipakita sa akin. Isa akong matalik na kaibigan ni Paul Boyd, at marami pang mga dakilang mananalaysay. Mayroon akong “The Post Nicene Council,” “The Nicene Council,” “The Nicene Fathers,” lahat ng mga sagradong sulat tungkol sa iglesiang nalalaman ko, sa silid-aralan ko. Pinag-aralan ko ang mga ito sa loob ng tatlumpung taon, siniyasat ko ang mga ito. Kailanman ay walang organisasyong . . . Ang simbahang Romano Catolico ang ina ng organisasyon.

sa Salita. Si Moises ay hindi dumating nang salungat sa Salita; dumating siyang ayon na ayon sa Salita; ngunit hindi ito nakita ni Core. At sa lahat ng mga sumunod pang panahon ay palagi nang gayon.

157 Ngayon, tignan n'yo. Ang Mensaheng ito ng kapanahunan ay hindi maaaring basta na lang magsabing, "Taglay namin ang Katotohanan at taglay namin ang ganito, ang ganiyan"; dapat ito ay nasabi na bago pa man sa Kaniyang Salita. At matapos na mailahad ang Salita, kinakailangang mabindika ito nang wasto ng Salita.

158 Si Jesus ay binindika nang wasto ng Diyos sa pamamagitan ng Salita. Ang sabi Niya, "Kung nakilala n'yo si Moises, makikilala n'yo rin ang Aking panahon." Mabuti ang pagkakasabi ng mga propeta tungkol sa Kaniya, buweno lahat ng mga propeta ay nangusap kung ano ba Siya.

159 At gayunpaman nabulag sila nito; hindi nila ito maintindihan. Kita n'yo? Ngunit si Jesus ay . . . ngayon, huwag kayong . . .

160 Ngayon, kung aalis kayo, ang sabi ng Seventh-day Adventist, "Nasa'min siya, basta't ipangingilin namin ang Sabbath." Ipakita mo sa akin iyan sa Kasulatan. Ang sabi ni Miss Eddie Baker mayrooon daw siyang Kasulatan. Ipakita n'yo iyon sa akin. Ang sabi ng Jehovah Witness mayroon daw sila. Ipakita n'yo sa akin. Kita n'yo? Ang sabi ng Methodist mayroon daw sila. Ipakita n'yo sa akin. Ang sabi ng Baptist mayroon sila. Ipakita n'yo sa akin. Magpakita kayo sa akin ng aling mang organisasyon. Patutunayan ko sa inyong bawat isa sa kanila ay labas sa kalooban ng Diyos, ang bawat isa sa kanila ay salungat, nagtuturo ng mga tradisyon ng tao sa halip ng Salita ng Diyos. Wala akong alam na isa man sa kanila na tatanggap sa mga bagay na tunay na nakasulat sa Biblia ayon sa pagkakasulat Dito. Tama. Ngunit kapag may dumating ang nagsabing, "Taglay ko ang mensahe ng kapanahunan," dapat muna siyang makita nang wasto at naihayag nang siya ay darating.

161 Nang lumabas si Juan Batista, ang sabi nila, "Ikaw ba ang Cristo?"

Ang sabi niya, "Hindi."

Sabi pa nila, "Ikaw ba ang Elias?"

At sumagot siya, "Hindi ako."

Ang sabi, "Sino ka ba?"

162 Nagawa niyang matukoy kung sino siya; taglay niya ang mensahe ng panahon. Ang sabi niya, "Ako ang tinig nung isang sumisigaw sa ilang, tulad ng sinabi ni propeta Isaias. Ngayon, kung ang kapanganakan ko at buhay ay hindi tumutugma doon, huwag n'yo akong tanggapin."

maitatanggi ng Espiritu Santo ang Sarili Niyang Salita? Ngayon, magpakita kayo sa akin ng isang organisasyon sa Salita. Hayan. Kita n'yo? Tama.

125 Maiisip mo ba ang isang negosyante . . . Ngayon, ganito na napagiwanan ang ating iglesia. Maiisip n'yo ba ang isang negosyante na nagpasimula ng isang negosyo dito . . . Isa itong tunay na masaganang negosyo, at bigla na lang siyang nangailangang matulungan nang madalian, at siya ay magtutungo sa isang lupon ng mga taong patay, mga bangkay, at magsasabing, "Maaari bang magtrabaho kayo para sa akin?" Hindi niya sila pakikinabangan.

126 Iyan ang dahilan kaya hindi na muling nagbabangon ang organisasyon. Kita n'yo? Isang bugkos ng mga patay na di mananampalataya ay nagtitipon-tipon tulad ni Nimrod, tulad ni Core, tulad nang nangyari sa paglaon ng kapanahunan. Papaanong magagawa . . . Hindi Niya kailan man ginamit ang isang organisasyon. Hindi Niya iyon magagawa. Wala na ito sa kalooban ng Diyios; lumampas na ito roon. Hindi na ito maabot; hindi na ito mahanap.

127 Papaano mo magagawang pumunta sa isang lalaking hindi makakilos, paralisado ang ulo, kamay, at paa, at sabihin sa kaniyang nais mong makipagkarera siya ng takbuhan para sa iyo, takbuhin ang karerang ito nang may pagtitiis, isinasaisang-tabi . . . Kita n'yo? Papaano Niyang magagawa iyon kung hindi makakilos ang taong iyon; siya'y paralisado? Kinakailangang alisin mo muna sa kaniya ang pagkaparalisado, kung magkagayo'y makatatakbo na siya.

128 Ang kailangan ng organisasyon ay isang Divine healing. Ay, naku. Sana hindi ako maginag parang mapamula. Kita n'yo? Hindi ko iyon pinupulaan, ngunit kung hindi naibaluktot ang dulo ng pako, madali itong mabunot. Iyan ang dahilan kaya hindi magawang gamitin ng Espiritu Santo ang isang denominasyon. Simbilis nitong . . .

129 Alalahanin n'yo, naniniwala akong taglay ni Martin Luther ang Espiritu Santo. Walang pasubali. Marahil hindi sa sukat Nito sa araw na ito, 'pagkat hindi pa Ito naipagkakaloob. Natalakay na natin iyon, kayong mga taga Tabernakulo, dito sa pisara. Ngunit sinampalatayanan niya ang Diyos, "at ang sumasampalataya ay may Buhay na Walang Hanggang." Hindi ko akalaing may taong sumasampalataya diyan nang katulad ko hanggang kaninang umaga, narinig ko si Charles Fuller habang nagmamanaho ako. Sumasampalataya rin siya, na ang bagong kapanganakan ay hindi ang Bautismo ng Espiritu Santo. Ang bagong kapanganakan ay ang pagkasilang. Ang Espiritu Santo ay ang bautismo. Kita n'yo? A-ha. Tama.

130 Ngayon, makikita nating ang taong ito ay kinakailangang ipnanganak na muli upang maging aktibo. Tama. Kapag ipinanganak ka ng laman, kung

mgakagayon ay mayroon ka nang karunungan ng sanlibutan. At sinusunod ng makamundong karunungan ang guro nito. Tama. Iyan nga ang dahilan kung bakit ang taong walang bagong kapanganakan, pag sinabi mo sa kanila ang Salita ng Diyos, ang susundin nila ay ang kanilang Obispo, ang kanilnag presbitero, o ang kanilang organisasyon, sa halip na ang Salita ng Buhay. Bakit? Wala itong ibang alam kundi iyon, "Aba, alam mo, isang araw ay maaari akong maging presbitero." Aba, si Nicodemo ay isang maestro. Higit iyon sa isang presbiter, iyon ay higit sa i—isang pastor; higit pa iyon, maestro iyon sa Israel. Kita n'yo? Oo, at isa siyang dakilang lalaki; kabilang siya sa grupong ito at walang kaalam-alam tungkol sa Diyos. Kita n'yo? Ang tanging alam niya ay kaunting kasaysayan.

131 Anong buti ng isang pangkasaysayang Diyos kung hindi Siya kapareho pa rin sa araw na ito? Anong buti ng Diyos ni Moises kung hindi Siya pareho pa ring Diyos sa araw na ito? Anong buti ng Diyos na makapagliligtas ng isang tao sa krus na hindi kayang magligtas sa kaparehong kondisyon sa araw na ito? Tulad ng palagi kong sinasabi, "Anong magagawang buti na bigyan mo ang iyong ibong canary ng mabubuting binhi at bitamina upang magkaron ito ng mahuhusay at malalakas na mga pakpak at magandang mga balahibo, pagkatapos ay ilalagay mo ito sa hawla?" Hindi ko ito maintindihan. Subukan mong sabihin sa kaniya ang tungkol sa isang makapangyarihang Diyos at mga bagay-bagay, at pagkatapos ay ipasok mo siya sa isang organisasyong ni hindi naniniwala sa gayong bagay. Kita n'yo? Walang-wala ito sa kaayusan. Iyan ang dahilan kaya ito nabibigo; siya ay patay. Hindi mo ito maaaring gamitin. Hindi ito kailan man ginamit ng Diyos.

132 Isipin n'yo na lang, hindi kailan man gumamit ang Diyos ng isang organisasyon, hindi makikita sa Kasulatan o sa kasaysayan man. Kung may sinuman sa nakikinag sa tape na ito, o sa mga naririto, ang makapagpapakita sa akin na kumuha ang Espiritu Santo ng isang organisasyon at sa pamamagitan no'n ay gumawa ng isang pagkilos sa lupa, lumapit kayo at ipakita n'yo sa akin. Nais kong sabihin n'yo sa akin ang aklat ng kasaysayan na pinaghanguan nito. Alam n'yong wala ito sa Kasulatan, kaya nais kong ipakita n'yo sa akin ang kasaysayang pinanggalingan nito. Hindi kailan man gumamit ang Diyos ng anumang bagay na tulad niyan. Ang ginagamit Niya ay isang indibiduwal, sa tuwina.

133 Tama. Ang maipanganak ng Espiritu . . . Ngayon, ang maipanganak ng laman, at magkaroon ng karunungan ng sanlibutan, ang karunungang ito ay susunod sa makalaman nitong guro. Ang maipanganak ng Espiritu ay ang sumampalataya at sumunod sa katuruan ng Biblia sa pamamagitan ng Espiritu Santo. At ang isang taong ipinanganak ng Espiritu ay susunod sa Salita ng

bala ng machine gun. Ang sabi niya, "Dapat magmadali ka, nalulunod na ang iyong baga."

151 At ang kapitan ay nagsimulang mag-isip, habang nakahiga siya at nag-aagaw-buhay. May ngiting nabanaag sa kaniyang mukha, ang sabi niya, "Alam ko na."

152 Ang sabi, "Saan mo Siya iniwan? Doon ka magsimula."

153 Ang sabi niya, "Ngayon, ay mahihimlay na ako upang matulog." Doon niya Siya iniwan, doon niya Siya nasumpungan.

154 Kapag ang organisasyon n'yo ay nagtuturo ng salungat sa Salita, doon n'yo Siya iniiwan. Magbalik kayo, sapagkat aktibo Siya sa pagbibindika at pagpapatunay sa Salitang iyan. Ganiyan nga si Jesus noon, sa tuwina'y tinutupad ang kalooban ng Ama. Kita n'yo? Tama.

155 Kaya, kita n'yo, ang pagkaunawa ng organisasyon ni Nicodemo ay walang kabuluhan sa Diyos. Ngayon, kahit pa bigatin siya, tulad ng tawag nating lahat sa organisasyon, isang maestro sa Israel, lahat ng kaniyang pinag-aralan at pagkaunawa ay walang kabuluhan [Pinalagitik ni Brother Branham ang kaniyang daliri—Ed.] nang maharap siya kay Cristo, naging saway lamang ito sa kaniya. Ngayon, nakikinikinita kong lahat ng tao ay nagsasabing, "Banal na ama, Nicodemo, banal na ama, Nicodemo, yumuyukod po kami sa iyo." Ngunit nang kay Jesus na, nang tumayo siya sa harap ng Diyos, sinaway Niya siya sa kawalan niya ng malay. Kaya nakikita n'y ba kung saan nauuwi ang lahat ng iyon; kalimutan n'yo na iyon. Halina kayo, magtungo tayo sa Diyos. Tama. Sige.

156 Kahit ang dakilang pagkaunawa ni Core ay nawalan ng kabuluhan, o ang kay Adam, kapuwa sila tumatanggi sa binindikang Mensahe ng Diyos. Ngayon, makinig tayo nang husto ngayon; lulusong tayo sa malalim na tubig sa loob ng ilang sandali. A-ha. Kita n'yo, bawat isa sa kanila, ang dahilan kung bakit nagkaproblema sila, sina Nicodemo, Core, Nimrod, at iba pa, ay sapagkat hindi nila kinilala ang mensahero ng Diyos na may dalang binindikang Salita ng araw na iyon. Ngayon, nalalaman iyan ng bawat isa. Ngayon, ako'y . . . Maari tayong magtagal diyan. Ngunit kapag ang Diyos ay nanghula at nagsabi ng isang bagay na magaganap; ang mga tao ay bumubuo ng mga oraganisasyon, ganap na inihahanda ang mga kalalakihan. Naniwala sila noon na may paparating na Mesias. Oh, ang mga Judiong iyon, ay naku, tiyak nga. Ngunit nang dumating si Jesus sa paraang ginawa Niya, ang sabi nial, "Hindi maaaring Siya iyon." Nabigo nilang maunawaan ang Salita. Ngayon, si Jesus ay hindi dumating nang salungat sa Salita (Ginawa ba Niya iyon?), ngunit dumating Siya nang salungat sa interpretasyon ng organisasyon

Hindi maaari. Kaya, kita n'yo, patay ito. Hindi nagtutungo ang Diyos sa gayong uri ng mga lugar upang makasumpong ng Kaniyang, ng isang lupon ng mga taong gagawa para sa Kaniya, 'pagkat patay na ang mga iyon. Sila'y mga di mananampalataya sa Salita kung hindi'y wala sana sila roon. Kita n'yo?

145 Ngayon, nang papunta ako rito kanina, tinitignan ko ang mga malalaking puno sa kagubatan, ang malalaking burol, kulay kape, dilaw, may mga kumpol na berde ang mga ito. Ang sabi ko, "Alam mo kung ano iyon?" Ang sabi ko, "Kararanas lang natin ng kamatayan, at inilabas ng Diyos ang Kaniyang bouquet, pinausli Niya ang mga ito sa mga burol. Mga bulaklak na pamburol ang mga ito. Ang buhay ay nagbalik na sa alabok. Kalilibing lang ng Diyos sa lahat ng Kaniyang mga binhing mula sa mga bulaklak at mga bagay-bagay, inilibing Niyang muli ang mga ito, at Kaniyang pinasibo ang Kaniyang bouquet. Tinitignan Niya ang lupa sapagkat ito'y mga bulaklak na pamburol. Ngunit sa pagsikat muli ng araw, mabubuhay na muli ang mga binhi." Amen. Tama.

146 Interesado ang Espiritu sa pambibindika sa Salita. At kung tinanggap mo ang tradisyon sa halip ng Salita . . . Ngayon, sasabihin mo, "Buweno, naniniwala kami sa lahat ng Iyon, ngunit, Brother Branham, alam kong hindi namin pinaniniwalaan ang ganito." Kung gayon, diyan kayo humihinto.

147 Sinabi sa akin ng Chaplain minsan na may isang kapitang nagsabi, o sa paniwala ko'y isang major, aniya, "Chaplain, pumaroon ka; may isang kapitang naghihingalo. Tinamaan siya ng machine gun." Nagpunta siya roon, at ang kapitan ay nag-aagaw-buhay. Dinala nila siya sa isang kubol ng Red Cross, at ang sabi niya, "Kapitan."

148 Tumingala siya nang lumalaguklok ng dugo, at ang sabi niya, "Opo." Ika niya, "Kayo ang Chaplain."

"Oo." Ang sabi niya, "Naghihingalo ka na, Kapitan."

Ang sabi niya, "Alam ko."

Ang sabi niya, "Cristiano ka ba?"

Ang sabi niya, "Dati."

149 Ika niya, "Saan mo Siya iniwan, Kapitan?" Ang sabi pa niya, "Masusumpungan mo Siya kung saan mo Siya iniwan." Tama.

Ang sabi ng Kapitan, "Hindi ko maisip."

150 Ang sabi ng Chaplain, "Makabubuting masip mo; mga dalawang minuto na lang ang mayroon ka, sa pag-aagaw-buhay mong iyan." Napapanganga siya, lumalabas ang dugo sa kaniyang bibig at mga tainga, at tadtad siya ng

Diyos anuman ang sabihin sa kaniya ng tradisyon. Sadyang gayon lang. Ipinanganak kang muli. Iyan ang dahilan (Nakikita n'yo ba?) ang mapabilang sa isang organisasyon, at ilagak ang lahat ng iyong pag-asa do'n . . .

134 Ngayon, hindi ko sinasabing ang mga tao sa organisasyon ay hindi ipinanganak na muli. Pupunta ako riyan sa loob ng ilang minuto, kung loloobin ng Panginoon. Tiyak nga, gayon nga sila, ngunit mga indibiduwal sila. Hindi ang organisasyon ang ipinanganak na muli; ang mga indibiduwal na naroroon ang ipinanganak na muli. Ngunit ang inilalayo lang sila ng ng organisasyon sa Diyos; iyon lang ang nagagawa no'n: inihihiwalay ka. Tama. Anumang laman, tinuturuan ng denominasyon ang laman, lagi itong salungat sa kalooban ng Diyos.

135 Ang maipanganak na muli ay nangangahulugan ng pagkakapanganak mula sa itaas. Ang "muli" ay nangangahulugan ng "mula sa itaas." Sa palagay ko'y alam n'yo iyan. Kita n'yo? Ang isilang na muli ay nangangahulugang maisilang mula sa itaas. Ngayon, makikita n'yo, at maaari n'yo itong pag-aralan kung nais n'yo sa lexicon. Kita n'yo, ang kahulugan nito ay "isang kapanganakan na mula sa itaas." Sapagkat isinilang ka rito, ngayon upang maisilang kang muli kinakailangan kang isilang mula sa itaas, upang maipanganak kang muli. At ang Kahariang iyon ay higit na mataas kaysa sa kahariang ito, higit na dakila sa kahariang ito, hanggang sa ang kahariang ito ay kahangalan do'n, at iyon ay kahangalan dito.

136 Tulad ng palagi kong sinasabi, ako at ang aking maybahay di pa katagalan ay umalis upang kumuha ng mga grocery ilang buwan na ang nakalilipas, at nakakita kami ng isang babae na nakapalda. At iyon ang pinakakakaibang bagay na nakita namin sa loob ng mahabang panahon.

137 Buweno, sa umagang ito, hindi ko ito sinasabing may paglalapastangan; nakarinig ako ng isa sa mga napakasikat na mga organisasyon. At ako at ang aking anak na babae ay nakikinig sa radyo habang kami ay bumibiyahe upang mag-alay ng isang simbahan. At ang isang awiting kinanta nila, isang uri na patungkol sa ganito-at-gano'n, isa sa mga klasikal na pag-awit na sa pandinig ko ay parang mga kababaihang pinagtatagal ang kanilang hininga hanggang sa mangasul ang kanilang mukha, at iniisip nilang pag-awit iyon. Iyon ay paglangitngit. Gusto ko ang makalumang Pentecostan na pag-awit, na mula sa iyong puso. Sintunado ka man, ngunit ikaw ay umaawit, ikaw ay gumagawa ng masayang ingay sa Panginoon. Sa palagay ko'y espirituwal iyon. Gusto ko iyon. Ngunit yung pagpapahaba ng hininga hanggang sa mangasul ang iyong mukha, at mamatay at muling magbalik, na . . . Ikaw mismo ay di mo nalalaman kung anong kinakanta mo. Papaano mong maaasahang malalaman ito ng iba? Iyon nga. Ang sabi ni Jesus, "Sinasabi namin ang mga bagay na

nalalaman namin." Tama. Tama. Ang kailangan nating gawin ay ang awitin kung anong nalalaman natin sa ating puso, kung anong ating nararamdaman.

138 At nang matapos na sila, ang aking anak na babae ay nag-aral ng musika, at ang sabi niya, "iyon ay isang classic."

Ang sabi ko, "Oo, ngunit ilan sa choir na iyon na binubuo ng mga limampung katao ang sa palagay mo ay amoy sigarilyo ang hininga? Ilan sa choir na iyon sa palagay mo, ang kagabi, dahil sa Sabado ng gabi, ay hindi uminom ng kaunti bilang pakikisama? Ilan sa mga babae roon ang bobbed hair? Ilan kaya ang nakapintura ang mukha, nang sabihin ng pastor ng simbahan ilang araw pa lang ang nakararaan na, 'Nakagawa ang Diyos ng mas magandang mundo nang maimbento Niya ang pintura'"? Samantalang alam nating may isang babae sa Bibliang nagpinta ng kaniyang mukha, at siya ay pinakain ng Diyos sa mga aso.

139 At tayo, sinumang may kaalaman tungkol sa iglesia at tungkol sa mga hiteno, alam niya na ang pagpipinta ay katangian ng isang hiteno, kahit dati pa. Ngunit gayon pa man, ginagawa pa rin ito ng mga kababaihan. At ang mga kalalakihan ay naninigarilyo, umiinom, nagwawala, at tumatayo roon at umaawit, na may gano'ng boses. Magpupunta tayo do'n sa loob ng ilang minuto. Tama. Kabilang sa isang makaorganisasyong pag-iisip, samantalang, magkakaroon doon ng isang pagkabigo sa paghuhukom sa aking opinyon.

140 Ang isilang ng Espiritu ay ang sumampalataya at mag-asal nang maayos sa Espiritu, ang makaunawa at sumampalataya nang iyong buong puso na si Jesus ay ang Cristo at Ito ay Kanyang Salita, na walang salitang maaaring idagdag Dito, o ibawas Dito nang hindi matatanggal ang iyong pangalan sa Aklat ng Buhay. Whew. Matindi iyon. Kung magdadagdag ka ng isang bagay ditto sa iyong tradisyon, o kaya'y magbawas Dito, buweno, si Cristo mismo ang nagsabi, "Ang ngalan mo ay aalisin sa Aklat ng Buhay." Ngayon, maghanap ka ng organisasyon at denominasyon sa Biblia. Tatakbuhan mo ito. tama.

Kahit anupaman ang katawan, ang katuruang makadenominasyon ay salungat sa Biblia. Siya nga. Ang pagkapanganak na muli ay nangangahulugan ng isang bagong pagsilang mula sa itaas, kapanganakang mula sa itaas. Kung gayon tayo ay aktibo sa mga bagay na mula sa itaas. Ay, naku. Sapagkat Siya ang kumikilos sa Kaniyang Salita sa pamamagitan mo, na Kaniyang sanga, na nakakabit sa Puno.

141 Iyan ang dahilan kung kaya sinabi ni Jesus, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong paniwalaan." Oh, tiyak nga. Ang sabi Niya, "Walang sinumang umakyat sa Langit kundi Siya na bumaba mula sa langit." Masdan n'yo kung papaano Niyang itinuwid si Nicodemo,

nang si Nicodemo ay . . . Alam n'yo, ang akala nila, Siya bilang isang Tao, hindi Siya maaaring maging Diyos. At ang sabi Niya, at—at dito ay sinabi Niya, "Walang sinumang umakyat sa langit kundi Siya na bumaba mula sa langit, walang iba kundi ang Anak ng tao na ngayon ay nasa langit." Sobra na iyon para sa kaniya. Papaanong magiging Siya ang Anak ng taong nagmula sa langit, na bumaba mula sa langit, na Siya ring umakyat sa langit, at Siya ring nakatayo rito sa itaas ng bahay na ito na nakikipag-usap kay Nicodemo? Buweno, dapat ay nakita niyang ang Diyos nga iyon. Siya ay nasa lahat ng dako, sa bawat dako. Kita n'yo? Ngunit niya nalaman iyo dahil sa kaniyang mga tradisyon. Hindi siya espirituwal kung mag-isip. Hindi ito masapo ng karnal na pag-iisip . . .

142 Ang sabi Niya, "Sino ba Ako ayon sa mga tao?"

"Ang ilan ay nagsasabing, buweno, 'Siya ang Anak ni David.'"

Ang sabi Niya, "Kung gano'n ay bakit tinawag Siya ni David nung siya ay nasa Espiritu na Panginoon, aniya, 'Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, "Umupo Ka sa Aking kanang kamay hanggang sa gawing kong tungtungan Mo ang Iyong mga kaaway"'?" Papaanong naging kapuwa Siya Ugat at Supling ni David; naroon na Siya bago pa si David; Siya si David; at pagkatapos ni David. Kita n'yo? Siya ang Ugat at Supling ni David. Iyan ang sabi ng Biblia, kapuwa Ugat at Supling ni David. Papaano niya Siya magiging Anak kung gano'n? Papaano niya Siya magiging Panginoon? Ang sabi ng Bilia, "Magmula noon ay hindi na sila nagtanong ng anuman sa Kaniya." Sa wari ko'y mabuti rin iyon. Opo. Tama.

143 Isinilang na muli mula sa itaas, kung gayon ay aktibo tayo, aktibo sa mga bagay na mula sa itaas, at—sapagkat ang Kaniyang Buhay ay nasa sa atin, na walang iba kundi ang Salita na bumibindika sa Salita Mismo. Ang Espiritung nasa sa inyo ay ang Salitang nahayag sa laman sa inyo. Tinatandaan ng Espiritu ang Salita, at ito ay aktibo sa pagbibindika sa Salita.

144 Ngayon, ang Espiritu ay hindi aktibo sa aling mang denominsyon. Hindi Ito ineteresado sa pagbuo ng organisasyon, sapagkat ang Espiritu Mismo ay laban sa organisasyon. Ang organisasyon ay humahanap ng mga makamundong bagay, ang pag-iisip ng sanlibutan, at gumagawa sila ng malalaking mga simbahan at mga pulidong bagay, at mga malalaki at pulidong organisasyon, at mga pulidong mga mangangaral, at iba pang tulad niyan, at ang pinaka mahusay na klase sa lungsod. Samantalang ang Espiritu ay humahanap ng mga pusong kung saan ay nananabik ang Espiritung ipamalas at patunayang ang bawat Salita ng Diyos ay Katotohanan. Papaano mo magagawang . . . Papaanong makakagawa ang Espiritu sa isang organisasyon samantalang tumatanggi ito, tumatanggap ng mga kredo sa halip ng Salita?